

# ANG PAGPILI NG ISANG NOBYA



Napakaraming mga taong may sakit. Hindi ko magagawang puntahan silang lahat nang sabay-sabay. Ngunit, makinig.

<sup>2</sup> Tiyak ngang masaya ako na maparitong muli, ngayong gabi, sa magandang bulwagang ito, na kasama nitong kalugud-lugod na grupo ng mga tao. At sa pagpasok namin, doon, kani-kanina, sabi ng mga taong nangakatayo doon sa labas sa lansangan na hindi raw sila makapasok. At sabi ko, “Buweno, baka maikuha ko kayo ng lugar.” At ayaw na nilang payagan silang makapasok. Kaya nanghihingi ako ng paumanhin na wala tayong sapat na lugar para sa kanila. Sabi nila’y puno na rin daw ang basement. At kaya nanghihingi kami ng paumanhin tungkol doon. Subalit masaya kami na maparito, at masaya na makita ang lahat nitong mainam na grupo ng mga ministro, ang mga negosyanteng naririto, at kayong lahat na mga delegado mula sa iba’t ibang panig ng bansa.

<sup>3</sup> Nagkaroon ako ng isang dakilang pribilehiyo na makapangusap sa umagang ito sa agahan na iyon, na talaga namang pinahalagahan kong maging isang karangalan na makapangusap sa harap ng gayong mga taong kalugud-lugod. Ako noon ay nasa paksang: *Ang Talukap Ay Hindi Magmamanang Kasama Ng Butil Ng Trigo*. Hindi ko ito nagawang tapusin. At hindi ito kasalanan ng—ng naturang kapatid na lalaki. Sinikap niyang mapakiusapan ang tagapamahala na payagan tayong makapanatili pa nang mas matagal-tagal, ngunit sadyang ayaw nitong gawin. Talagang pinasasalamat ko iyon, Kapatid na Demos. Iyon ay talagang, talagang napakabuti. Talagang pinasasalamat ko kayo sa inyong kabutihang-loob, ang bawat isa sa inyo. Subalit sadyang ayaw nila tayong pahintulutang gawin ito. Kaya kinailangan na lamang namin na—na magtapos na nang tuluyan. Itutuloy ko iyon, sa ibang pagkakataon, upang tapusin iyon: *Ang Talukap Ay Hindi Magmamanang Kasama Ng Butil Ng Trigo*. Naunawaan n’yo ba iyon, kayong mga nangagsiparito noon? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Sana’y nagkaroon naman ng kasapatan upang maunawaan iyon.

<sup>4</sup> Ngayon, alam ko, na ngayong gabi, ay mayroong isang panel, din, kaya hindi ko kayo gustong panatilihin dito nang matagal hanggang sa mapalampas na ninyo iyon. Dahil, sa palagay ko iyon ay tiyak na isang bagay na mahalaga sa—sa mga taong mananampalatayang-Pentecostal, ang panel na iyon na nakita natin noong isang gabi. Talagang isang kalugud-lugod na grupo ng mga kalalakihan, talagang kahanga-hangang mga kasagutan, na tuwiran. Talagang pinabuti niyon ang aking pakiramdam, ang makita iyon. Nagtitiwala akong pagpapalain

ito ng Panginoon, ngayong gabi. At maging sinuman ang tumingin, nawa'y magsisampalataya sila. Iyon ang taimtim kong panalangin.

<sup>5</sup> At kaya napakaraming mga ulat ang nagdatingan, ngayon, mula sa koreo at sa pamamagitan ng mga tawag, tungkol sa napakaraming napagaling sa pagtitipong ito. Labis kong ikinagagalak iyan. Iyon, iyo'y, ang makita ang mga taong may sakit, iyon ang uri ng aking ministeryo.

<sup>6</sup> Ako—ako'y naparito upang mangaral. Ako, alam n'yo, hindi ako isang mangangaral. Pero ako, na taglay itong, aking gramatikang Kentucky, “his, hain't” at—at lahat ng mga salitang iyon, kaya ako—hindi ko kayang sabihin ang gaya ng kung ano ang tinatawag nating isang modernong mangangaral ng panahong ito. Ako—hindi ko kayang kuning ang lugar na iyon, dahil ako—ako'y walang pinag-aralan.

<sup>7</sup> Ngunit gusto kong ipinapahayag kung ano ang nalalaman ko tungkol Dito, sa iba, o kung ano ang nadarama kong nalalaman ko tungkol Dito, sa iba, kung papaano ko Ito nalaman, kung papaano Siya sa akin. Siya ang buong buhay ko, lahat ng inaasam kong maging, at higit pa sa inakala ko kailanman, na kaibigang nagkaroon ako, halos, sa mundo, nang ako'y isang munting bata pa. Subalit tiyak ngang nagpapasalamat ako sa mga mabubuting kaibigan ngayon.

<sup>8</sup> [Sinasabi ng isang kapatid na lalaki, “May kaunting problema sa pakikinig doon sa likod, Kapatid na Branham. Lumapit ka nang kaunti.”—Pat.] Oh, paumanhin. Ako—ako'y medyo hindi nakatuon dito, sa kung saan, sabi niya.

<sup>9</sup> Ngayon, upang makadako na agad sa gawain, dumako tayo para sa ilang mga pagbabasa ng Kasulatan. Ako—gusto kong laging binabasa ang Biblia, dahil Ito'y ang Salita ng Diyos. Naniniwala ako diyan. At naniniwala akong Ito ang walang-pagkakamaling Salita ng Diyos. At mayroon ako ngayong ilang Mga Kasulatan na nakasulat dito, at ilang mga tala na nais kong tukuyin, sa loob ng ilang sandali, marahil sa loob ng apatnapu't limang minuto.

<sup>10</sup> At pagkatapos ay makakalabas na tayo sa oras para makitang muli itong napakagandang panel ngayong gabi. At nagtitiwala akong ang Diyos ay patuloy na magpapala sa inyo nang walang patid. At batid ko ang mga kailangan n'yo pang gawin. At ako'y dapat na magbiyahe patungong Tucson, pa rin, ngayong gabi, kita ninyo, kaya isipin lang ninyo. Iyon ay sampung-oras na biyahe.

<sup>11</sup> At aalis ako paibang-bansa, at kailangan ko pang magpaturok kinaumagahan sa pamahalaan para sa pagsusuri sa yellow fever. Kaya ako—kailangan kong makapunta roon. Nagpaantala na ako, noong isang araw, at hinding-hindi na sila tatanggap pa ng “hindi” na naman na sagot ngayon. At

mayroon pa akong isang para sa tetanus at typhus na kukunin, at ang aking mga booster.

<sup>12</sup> Kaya, lubos akong nagpapasalamat para sa pagkakataong ito, at—at para sa kalugud-lugod na pagtitipong ito na nagkaroon tayo bago ang kumbensiyon. Talaga namang pinanabik nito ang puso ko. Kayo’y isang kalugud-lugod na grupo ng mga tao. Umaasa akong pagpapalain kayo ng Diyos.

<sup>13</sup> Kapag ang dakilang oras ay talagang... Yaong dambuhalang halimaw na nakahimlay doon, na ikinawag ang kanyang sarili sa dako ng Alaska, ilang araw na ang nakararaan, na itinaas ang buntot nitong muli sa umagang ito, doon mga, malapit sa may Washington. Maaaring makapunta siya rito, nang napakadali. At kung talagang tiyak na sasabihin sa akin ng Espiritu Santo. . .

<sup>14</sup> May isang sumagot. . . nagtatanong sa akin na, “Mangyayari ba ito dito, Kapatid na Branham?” Hindi, hindi ko alam iyon. Sadyang hindi ko alam, hanggang sa malaman ko na. Iyan ang katotohanan.

<sup>15</sup> Gusto kong maging tapat sa inyo sa tuwina. Sadyang hindi ako magpapalagay, kukuha ng anumang ideya, o ng kung ano man, kung ano ang paniniwala ko, o anumang gayon. Kapag sinabi ko na sa inyo, ’yon na nga iyon. Buweno, kailangang sabihin Niya sa akin, muna, at saka ko sasabihin sa inyo. Ako—alam kong nasa walang katiyakang kalagayan ang buong mundo. Nasa huling panahon na tayo. Ngunit ang isang bagay na sinisikap kong maging. . .

<sup>16</sup> Sinasabi ni Kapatid na Shakarian kaninang umaga, kung paanong dati ay nagtutungo siya sa mga linya para sa pagpapanalangin, at bumababa roon at kinukuha ang mga kard na iyon bago pa umakyat ang mga tao, at tinitingnan ang mga iyon, at inaalam kung—kung ang sinabi ko sa kanila ay kung ano ang isinulat nila roon. Isinusulat nila ang lahat na ng mga kung anu-ano sa kanilang mga prayer card, alam n’yo, at sadyang gusto niyang makita kung tama nga iyon. Sabi niya, mula sa daan-daang sinuri niya, ay hindi pa kailanman nagkaroon ni isang mali. [Sinasabi ni Kapatid na Shakarian, “Wala pa ni isa mang namali.”—Pat.] Wala ni isa mang mamamali kailanman, kita n’yo, dahil, hanggang—hangga’t ang Diyos iyon. Kung ang sarili ko na ang ipinakikita ko rito, kung gayo’y mali na ito sa simula pa lamang.

<sup>17</sup> Isang munting batang babae na ang ama’y nakaupo rito, nakikinig sa akin ngayon, ang lumapit sa akin, kamakailan lang. Nagkaroon siya ng panaginip. Sabi niya, “Kapatid na Branham, ano po kaya ang ibig sabihin ng panaginip na ito?”

<sup>18</sup> Sabi ko, “Hindi ko alam, kapatid. Kailangan kong alamin, kung sasabihin ba sa akin ng Panginoon.” Kaya yumaon ako at

sinubukang tanungin ang Panginoon, at hindi Niya kailanman sinabi sa akin.

<sup>19</sup> Muling bumalik ang naturang batang babae. Sabi niya, “Buweno, ngayon nasaan na po ang kapaliwanagan sa panaginip ko?”

<sup>20</sup> Sabi ko, “Halika rito, mahal, maupo ka.” Sabi ko, “Malapit kong kaibigan ang tatay at nanay mo. Kita mo? At nanggaling pa sila sa Canada, nagretiro, at nanirahan ditong kasama ko. Pinaniniwalaan nila ito, kung ano ang sinisikap kong sabihin. At wala ako kailanmang sinabing mali sa kahit sino, nang sinasadya, sa tanang buhay ko. Kung ako . . . sa tingin ko’y alam ko kung ano ang kahulugan ng panaginip na iyon. Ngunit hanggang sa makita ko na mismo ang panaginip na iyon, at pagkatapos ay sabihin Niya sa akin kung ano ang ibig sabihin niyon, hindi ko masasabi sa iyo. Kita mo, kung gumagawagawa lang ako ng kung ano, baka dumating ang panahon na kakailanganin mo ako sa pagitan ng buhay at kamatayan, at pagkatapos ay hindi mo na malaman kung maniniwala ka ba sa akin o hindi.”

<sup>21</sup> Kapag nagsasabi ako sa inyo ng anumang bagay sa Pangalan ng Panginoon, ito’y totoong iyon. Iyon ang Siyang nagsabi sa akin niyon. At magpahanggang ngayon naman, sa lahat ng mga taon na ito, sa buong mundo, at sa palibot ng mundo, hindi pa Ito nagkamali ni minsan man. Dahil . . . At, ngayon, alam ninyong ang isang tao’y hindi maaaring maging ganoon kawalang-mali. Kinakailangan ang Espiritu ng Diyos upang magawa iyon.

<sup>22</sup> At ngayon mayroon akong isang Mensahe na pananagutan ko. At maraming beses na akong ipinagpalagay, sa gitna ng mga tao, buweno, marahil ng isang tao na sadyang hindi man lang uupo at mag-iisip sandali, na ako raw ay isang—isang, oh, isang nakasisindak na tao, na hindi ko raw gusto ang mga tao, at palagi ko raw silang pinagagalitan. At hindi’yon ganoon. Hindi iyon ganoon. Mahal ko ang mga tao. Pero, alam ninyo, ang pag-ibig ay nagtutuwid.

<sup>23</sup> Kung ang inyong munting anak na lalaki ay nakaupo doon sa labas ng kalsada, at sinabi n’yo, “Junior, mahal, ayokong nariyan ka sa labas, pero . . .” At humahagibis sa tabi niya ang mga sasakyan, at ipinasok n’yo siya sa loob. Nagtatakbo na naman siya pabalik. Aba, dapat n’yo siyang ituwid. Kung mahal n’yo siya, gagawin ninyo. Kailangan n’yo ngang gawin.

<sup>24</sup> Kung nakakita kayo ng isang lalaking palutang-lutang sa isang ilog, na papalapit na sa isang talon, sa isang maliit na bangka, na alam ninyong lulubog ang bangkang iyon kapag umabot na siya sa talon, sasabihin n’yo ba, “John, ikaw, dapat sigurong mag-isip-isip ka muna sandali, baka hindi ka makaligtas”? Kung alam kong hindi siya makakaligtas,

halos kakaladkarin ko siyang paalis sa bangkang iyon, kung magagawa ko, dahil pag-ibig ang siyang gumagawa niyon.

<sup>25</sup> At ngayon, dito sa Mga Mensaheng ipinangungusap ko, hindi ko kailanman sinubukang maghatid ng anumang doktrina, o kung ano man. Ako—ginagawa ko iyon sa sarili kong iglesya. Subalit dito sa gitna ng mga kalalakihan at kababaihan na sa iba't ibang mga denominasyon at iba't ibang mga ideya, sinisikap ko lamang na talakayin sa isang banayad na paraan, sa pagpapaliwanag; subalit sapat lang na kung ipinanganak kayo ng Espiritu ng Diyos, naniniwala akong mauunawaan ninyo kung ano ang ibig kong sabihin, sa gitna ng mga kalalakihang Cristiano, Methodist, Baptist, Presbyterian, kung ano pa man.

<sup>26</sup> Ngayon, sa gabing ito, nais kong dumako sa Genesis, sa ika-24 na kabanata. Nais kong basahin ang... simula sa ika-12 talata ng ika-24 na kabanata ng Genesis.

*At kaniyang sinabi, Oh PANGINOONG Dios...aking panginoong si Abraham, ipinamamanhik ko sa iyong pagkalooban mo ako ng mabuting kapalaran ngayon, at ikaw ay magmagandang loob sa aking panginoong kay Abraham.*

*Narito, ako'y nakatayo sa tabi ng bukal ng tubig; at ang mga anak na babae ng mga tao sa bayan ay nagsilabas upang umigib ng tubig:*

*At mangyari nga, na ang dalagang aking pagsabihan, Ibaba mo, isinasamo ko sa iyo, ang iyong banga upang ako'y uminom; at siya'y magsabi, Uminom ka, at paiinum ko pati ng iyong mga kamelyo: maging siyang iyong itinalaga sa iyong lingkod na kay Isaac; at sa ganito ay malalaman kong nagmagandang loob ka sa akin...sa aking panginoon.*

<sup>27</sup> At pagkatapos ay sa Aklat ng Apocalipsis. Iyon ang unahan ng Biblia, ang Genesis. Ngayon, sa hulihan ng Biblia, nais kong basahin ang ika-21 kabanata ng Apocalipsis, at ang ika-9 na talata.

<sup>28</sup> Alam natin kung ano itong Kasulatan ng Genesis dito... Basahin ninyo ang buong kabanata, kung nais ninyo. Ito'y ang pagsusugo ng Diyos kay Eliezer. O, ang pagsusugo ni Abraham kay Eliezer, ipagpaumanhin ako, upang pumili ng isang nobya para kay Isaac. At lumabas ang magandang si Rebekah, at bilang siyang sakdal na katugunan sa panalangin ni—ni Eliezer, ang lingkod ni Abraham, na noo'y kapapanalangin pa lamang.

Ngayon, sa ika-9 na talata ng ika-21 kabanata ng Apocalipsis.

*At dumating ang isa sa pitong anghel na may pitong mangkok na mga puno ng pitong huling salot, at*

*nagsalita sa akin, na nagsasabi, Halika, at ipakikita ko sa iyo ang babaing kasintahan, ang asawa ng Cordero.*

<sup>29</sup> Ngayon nais kong talakayin bilang isang paksa, ngayong gabi, para diyan: *Ang Pagpili Ng Isang Nobya*. At ito ay, kung gugustuhin ng aking kapatid na nagrerekord dito, ito ang teyp na maaari ninyong ipagpatuloy lang na irekord at ilabas.

<sup>30</sup> At ngayon, dito, hindi naman ito eksaktong nangangahulugang ipinangungusap ko ito dito sa kongregasyong naririto, kundi ang mga teyp na ito'y nakakarating sa buong mundo. Ang mga ito'y isinasalin, halos, oh, sa napakaraming mga wika, maging sa mga paganong lupain sa buong mundo. Ipinadadala namin ang mga teyp na iyon, nang libre, sa isang samahan ng iglesya. At isinasalin ang mga iyon. At lahat hanggang doon sa mga kagubatan ng Africa, at sa India, at sa buong mundo, ay nakakarating ang mga teyp na ito.

Ngayon, ang pagpili ng isang Nobya!

<sup>31</sup> Sa maraming mga bagay ng buhay ay binibigyan tayo ng isang pagpili. Ang paraan ng pamumuhay, mismo, ay isang pagpili. Mayroon tayong karapatang gumawa ng sarili nating pamamaraan, pumili ng sarili nating pamamaraan na nais nating ipamuhay.

<sup>32</sup> Ang edukasyon ay isang pagpili. Maaari tayong pumili kung nais ba nating maging may pinag-aralan, o kung gusto ba nating maging walang pinag-aralan. Iyan ay isang pamimilian na mayroon tayo.

<sup>33</sup> Ang tama at mali ay isang pagpili. Ang bawat lalaki, bawat babae, batang lalaki at batang babae, ay kailangang mamili kung sisikapin ba nilang mamuhay nang tama o hindi mamuhay nang tama. Isa itong pagpili.

Ang pagpili ay isang napakahalagang bagay.

<sup>34</sup> Ang iyong Walang Hanggang patutunguhan ay isang pagpili. At marahil, ngayong gabi, ang ilan sa inyo ay gagawin ang—ang pagpiling iyon, ng kung saan ninyo gugugulin ang Walang Hanggan, bago matapos ang gawaing ito ngayong gabi. Magkakaroon ng isang pagkakataon, na, kung inyong tinanggihan ang Diyos nang maraming ulit, magkakaroon ng isang pagkakataong tatanggihan ninyo Siya sa huling pagkakataon. Mayroong isang guhit sa pagitan ng awa at paghatol. At isang mapanganib na bagay para sa isang lalaki o sa isang babae, kabataang lalaki o kabataang babae, na tumawid sa guhit na iyon, sapagkat wala nang balikan kapag tumawid ka na sa katapusang-guhit na iyon. Kaya, ngayong gabi, maaaring ito na ang pagkakataon na marami ang gagawa ng kanilang—kanilang pagpapasya, sa kung saan nila gugugulin ang walang katapusang Walang Hanggan.

<sup>35</sup> May isa pang pagpili na mayroon tayo sa buhay, iyo'y, ang isang makakasama sa buhay. Ang isang kabataang lalaki o isang kabataang babae, na pumapasok sa buhay, ay—ay binigyan ng isang karapatan na gumawa ng isang pagpili. Pumipili ang isang kabataang lalaki. May karapatan naman ang isang kabataang babae na tanggapin o tanggihan ito. Ngunit isa pa rin itong pagpili, sa magkabilang panig. Kapwa ang lalaki at babae, mayroon silang karapatan na pumili.

Gayundin, mayroon kayong isang pagpili, bilang isang Cristiano.

<sup>36</sup> Mayroon kayong pagpili ng iglesya, dito sa Amerika, magpahanggang ngayon, na mapupuntahan ninyo. Iyan ang sarili ninyong pribilehiyo bilang Amerikano, ang mamili ng anumang iglesyang nais ninyong aniban. Isa iyang pagpili. Hindi ninyo kailangang magpunta sa alinman sa mga iyon, kung hindi ninyo gusto. Subalit kung gusto ninyong mag-iba mula sa Methodist patungong Baptist, o sa Katoliko patungong Protestante, o kung anuman, walang sinumang makapagsasabi sa inyo o makapagpapapunta sa inyo sa anumang iglesya. Iyan ang ating—iyan ang ating kalayaan. Iya'y kung ano ang ating demokrasya. Makapapamilya ang bawat tao para sa kanyang sarili. Kalayaan ng relihiyon, at iya'y isang—isang dakilang bagay. Tulungan nawa tayo ng Diyos na mapanatili ito hangga't magagawa natin.

<sup>37</sup> Mayroon din kayong pagpili. Kung . . . Kapag pinili ninyo ang iglesyang ito, makapipili kayo kung kayo, sa iglesyang ito, kung pipiliin ninyo ang isang iglesyang gagabay sa inyo sa inyong Walang Hanggang patutunguhan. Maaari kayong pumili ng isang iglesyang mayroong kung ano man na kredo, na maiisip ninyong ang kredong iyon ang sadyang gusto ninyo. O, ang ibang iglesyang may sarili nilang kredo.

<sup>38</sup> At pagkatapos nariyan ang Salita ng Diyos, na mapipili mo. Kailangan mong pumili.

Mayroon sa ating isang hindi nakasulat na batas, ng pagpili.

<sup>39</sup> Sa paniwala ko'y si Elias iyon, isang beses, doon sa itaas ng Bundok Carmel, matapos ang harapang pagtutuos, sa isang malaking oras ng krisis na malapit na rin nating harapin ngayon. Marahil, ito'y baka sa iyo o sa akin, sa gabing ito, na gagawin natin ang pagpiling ito, tulad ng karanasang iyon sa Bundok Carmel. Sa totoo lang, sa tingin ko'y nangyayari na ito, sa buong mundo, ngayon. Subalit darating ang panahon kung saan kakailanganin ninyong pumili.

<sup>40</sup> At kayong mga kalalakihan dito, ng inyong mga iglesyang makadenominasyon, sampalatayanan n'yo lamang ito, na ang oras ay nasa inyo na, kung kailan kayo ay pipili na. Kung kayo'y papasok sa World Council, o kung hindi na kayo magiging isang

denominasyon pa. Kakailanganin ninyong gawin iyan, at ang pagpiling iyan ay malapit na.

<sup>41</sup> At isang mapanganib na bagay ang maghintay hanggang sa huling oras ding iyon, dahil maaaring humantong ka sa isang bagay na kailanman ay hindi ka na makaaalis pa mula roon. Alam n'yo, mayroong pagkakataon kung kailan mabababalaan ka, pagkatapos, kapag tumawid ka sa kabilang guhit ng babalang iyan, kung gayo'y nalagyan ka na ng marka sa kabilang panig, natatakan na.

<sup>42</sup> Alalahanin, kapag dumating ang taon ng jubilee, at ang—ang saserdote'y dumaan na dala ang kanyang tumutunog na trumpeta, na maaari nang makalaya ang bawat alipin. Ngunit kung tumanggi silang tanggapin ang kanilang kalayaan, kung gayo'y kailangan siyang dalhin sa templo, sa isang poste, at isang pambutas ang ipinambubutas sa kanyang tainga, at pagkatapos ay paglilingkuran na niya sa tuwina ang kanyang amo. Inilagay iyon sa kanyang tainga bilang isang tipo, ng pakikinig. “Dumarating ang pananampalataya sa pamamagitan ng pakikinig.” Narinig niya ang trumpetang iyon, subalit hindi niya gustong makinig dito.

<sup>43</sup> At maraming pagkakataon, naririnig ng mga kalalakihan at kababaihan ang Katotohanan ng Diyos, at nakikita Itong napagtibay at napatunayan, na Katotohanan, ngunit gayunma'y hindi nila Ito gustong marinig. May iba pang dahilan. Mayroon silang iba pang pagpili, kaysa harapin ang Katotohanan at mga totoong pangyayari, kaya naman ang kanilang mga tainga ay maaaring masarhan na sa Ebanghelyo. Hindi na nila Ito muling maririnig pa. Ang payo ko sa inyo, kapag nangungusap ang Diyos sa inyong puso, kumilos na kayo agad.

<sup>44</sup> Binigyan sila ni Elias ng pagpipilian na sila'y dapat: “Mamili kayo sa araw na ito kung sino ang inyong paglilingkuran. Kung ang Diyos ang Diyos, paglingkuran n'yo Siya. Ngunit kung si Baal ang Diyos, paglingkuran n'yo siya.”

<sup>45</sup> Ngayon, gaya ng nakita natin na lahat ng natural na mga bagay ay isang tipo ng espirituwal na mga bagay, gaya ng nadaanan natin sa ating aralin kaninang umaga, gaya ng araw at ng kanyang kalikasan. Iyon ang una kong Biblia. Bago pa man ako nakabasa ng isang pahina ng Biblia, kilala ko na ang Diyos. Dahil, nakasulat ang Biblia saan man sa kalikasan, at sadyang tumutugma ito sa Salita ng Diyos: kung paanong ang kamatayan, paglilibing, pagkabuhay na mag-uli ng kalikasan; at ang pagsikat ng araw, pagtawid, paglubog, pagpanaw, muling pagsikat. Napakaraming mga bagay na maititipo natin, ang Diyos sa kalikasan, na kailangan nating lagpasan, para sa Mensaheng ito.

<sup>46</sup> Ngayon, kung ang espirituwal, o, ang natural ay isang tipo ng espirituwal, kung gayon, ang pagpili ng isang nobya, sa



natural, ay isang tipo ng pagpili ng isang Nobya, ang Nobya, sa espirituwal.

<sup>47</sup> Ngayon, isang seryosong bagay kapag pipili tayo ng isang asawang babae, ang isang lalaki, dahil ang mga pangako rito ay hanggang sa paghiwalayin tayo ng kamatayan. Ganoon natin ito nararapat na tuparin. At ginagawa ninyo ang pangakong iyon sa harapan ng Diyos, na tanging kamatayan lamang ang makapaghihiwalay sa inyo. At sa tingin ko'y dapat tayong... Ang isang lalaking nasa kanyang tamang pag-iisip, na nagpaplano ng hinaharap, na nararapat niyang piliing mabuti ang mapapangasawang iyon. Maging maingat sa inyong ginagawa. At ang isang babaeng pumipili ng isang mapapangasawang lalaki, o tinatanggap ang pagpili ng isang mapapangasawang lalaki, ay dapat na talagang maging maingat sa kanyang ginagawa, at lalo na sa panahong ito. Ang isang lalaki'y dapat na mag-isip at manalangin muna bago siya pumili ng isang mapapangasawang babae.

<sup>48</sup> Sa palagay ko, ngayon, kung ano't napakaraming mga kaso ng diborsiyo ngayon, na nangunguna tayo sa mundo sa Amerika, sa mga kaso ng diborsiyo. Nangunguna tayo sa iba pa sa mundo. Mas maraming diborsiyo rito kaysa saan pa man, ang bansang ito, at ipinagpapalagay pa naman, at inaakalang gayon, na isang bansang Cristiano. Talagang isang kahihiyang, ang ating mga korte ng diborsiyo! Sa palagay ko, ang dahilan dito, ay dahil sa ang mga kalalakiha'y nagsilayo na sa Diyos, at ang mga kababaiha'y nagsilayo na sa Diyos.

<sup>49</sup> At nalaman natin, na, kung ipinanalangin ng isang lalaki at ipinanalangin ng isang babae ang naturang bagay; hindi lamang basta tumingin sa isang magandang pares ng mga mata, o sa malalaki't malalakas na mga balikat, o sa mga ganoon, o sa kung anong makasanlibutang damdamin; kundi titingin muna sa Diyos, at sasabihin, "Diyos, ito po ba ang Iyong plano?"

<sup>50</sup> Sa palagay ko, ngayon, ay napakarami nang pandaraya, tulad na lamang sa paaralan. Kapag—kapag dumarating ang mga bata, sa umaga, marami sa mga bata sa komunidad, na—na mga kaibigan ko, ang dadaan at sasabihin, "Kapatid na Branham, maaari mo po ba kaming ipanalangin? Magkakaroon po kami ng isang—isang pagsusulit ngayon. Ako—nag-aral na po ako buong gabi, at sa tingin ko'y hindi po ako maka—hindi po ako makasigurado. Ipanalangin mo po ako." Sa palagay ko na ang sinumang batang mag-aaral, kung gagawin ninyo, kung... At ang mga magulang habang nasa hapag-kainan sa umaga: maaari ninyong sabihin, "Nanay, may pagsusulit si John ngayon. Manalangin tayo para sa kanya ngayon." Sa palagay ko'y madadaig nito ang lahat ng magagawa n'yo pa sa ibang paraan, o ang tumingin sa papel ng iba at mandaya. Sa palagay ko kung sadyang magagawa ninyong lumabas at ipanalangin ang naturang bagay.

<sup>51</sup> At kung pag-iisipan natin kung ano'ng ginagawa natin kapag mag-aasawa na tayo, kapag namili na tayo ng ating mapapangasawang babae, ng ating mapapangasawang lalaki, kung pag-iisipan natin ito nang mabuti! Ang isang lalaki ay nararapat na taimtim na manalangin, dahil maaaring masira niya ang buong buhay niya. Alalahanin, ang pangako ay “hanggang sa paghiwalayin tayo ng kamatayan,” at maaaring masira niya ang kanyang buhay sa pamamagitan ng maling pagpili. Ngunit kung alam niya, na gumagawa siya ng maling pagpili at pakakasalan ang isang babae na hindi nababagay na maging kanyang kabiyak, at gagawin pa rin niya ito, kung gayon kasalanan niya na 'yon. Kung ang babae'y mag-aasawa ng isang lalaki at nalalamang hindi naman ito nababagay na maging asawa mo, kung gayo'y kasalanan mo na mismo 'yon, pagkatapos mong malaman kung ano ang tama at mali. Kaya hindi n'yo ito dapat gawin hanggang sa makapanalangin muna kayong mabuti.

<sup>52</sup> Ang gayon din ay maipapatungkol sa pagpili ng isang iglesya. Ngayon, dapat n'yong ipanalangin ang iglesyang dadaluhan ninyo para sa pakikipagkapatiran. Tandaan, may taglay na espiritu ang mga iglesya.

<sup>53</sup> Ngayon, hindi ko gustong maging mapamuna. Ngunit napagtanto kong isa na akong matanda, at siguradong lilisan na ako dito, isa sa mga araw na ito. At dapat akong managot sa Araw ng Paghatol sa mga sinabi ko sa gabing ito o sa alinmang pagkakataon. At ako, samakatwid, ay kailangan kong lubos na maging matapat at totoong lubos na naniniwala.

<sup>54</sup> Subalit, magtungo kayo sa isang iglesya, at kung inyong mamasdan ang pag-uugali ng iglesyang iyan, pagmasdan lang ninyo sandali ang pastor, at kadalasan matutuklasan n'yo na ang iglesyang iyon ay kumikilos na tulad nung pastor. Kung minsan, iniisip ko kung hindi kaya natin nakukuha ang espiritu ng isa't isa sa halip na ang Espiritu Santo. Mapupunta ka sa isang dako kung saan ang pastor ay talagang radikal at kung anu-anong pinaggagagawa, matutuklasan mong ang kongregasyong iyon ay ganun din. Dadalhin ko kayo sa isang iglesya kung saan ko nakikitang nakatayo ang pastor, na ipinipilig ang kanilang ulo. Masdan ninyo ang kongregasyon, ginagawa rin nila ang gayong bagay. Kumuha kayo ng isang pastor, na basta na lang lulunok ng kahit ano, kadalasan ay gagawin din nung iglesya ang gayong bagay. Kaya, kung pipili ako ng isang iglesya, pipiliin ko ang isang tunay, na pundamental, na Buong Ebanghelyong, maka-Bibliang iglesya, kung pipili ako ng isang pagpapasukan sa aking pamilya. Mamili. Tumingin ako. . .

<sup>55</sup> Ang mga kabataang lalaki, noong isang araw, ang anak na lalaki ni Kapatid na Shakarian at ang manugang niyang lalaki, ay dinala ako rito para ipanalangin ang isang kabataang lalaki, na isang mang-aawit, napakainam na batang lalaki. Kababalik

lamang. . . Si Fred Barker, iyon ang pangalan niya, ay kababalik lamang noon galing sa isang biyahe. At tinawagan nila ako, na, “Nag-aagaw-buhay na si Fred.” At pagkatapos, bago pa ako makarating sa bahay, isa pang mensahe ang dumating, “Baka patay na siya ngayon.” At sabi niya’y nagkaroon daw ito ng isang—isang pagdurugo sa utak, at naparalisa ito, at—at mamamatay na ito, at gusto ng maybahay nito na manalangin ako para rito.

<sup>56</sup> At naisip ko, “Oh, kung susubukan kong mag-eroplano, patay na siya bago pa ako makarating doon, at baka nga patay na ngayon.” Kaya, mabilis akong tumawag at kinausap ang munting ginang sa telepono. At—at ikinonekta namin ang telepono, at sa tainga ni Fred. Hindi na siya makalunok. Binibigyan nila siya ng artipisyal na panlunok. At noong nananalangin kami para sa kanya, sabi niya, sumenyas, na alisin daw ito sa kanyang lalamunan. Kaya na niyang lumunok. Hindi ito mapaniwalaan ng mga doktor. Inalis nila ito, at nakakalunok na siya. Nakakaupo na siya, noong isang araw.

Isang iglesya; ang pagpili ng isang iglesya.

<sup>57</sup> Kadarating lamang ng tawag sa telepono, kani-kanina. Kaninang umaga, isang miyembro ng aking iglesya, na talagang isang babaeng Baptist mula sa Louisville, namatay siya kaninang umaga. At ang iglesya ko sa amin, na isang tunay na grupo ng mga itinalagang kalalakihan, ay nagkatipun-tipon at nagtungo roon, bago pa siya embalsamuhin ng tagapangasiwa ng punerarya, nagsitayo sa tabi niya, nanalangin hanggang sa ang buhay ay manumbalik sa kanya. At buhay siya, ngayong gabi. Ang mga matatanda sa aking iglesya, aba, tinuruan silang manampalataya na ang lahat ng mga bagay ay posible, kung lalapat sa Diyos nang matapat.

Kaya, nararapat kayong gumawa ng tamang pagpili.

<sup>58</sup> Muli, ang uri ng babae na pipiliin ng isang lalaki, ay magpapakita ng kanyang mga hangarin at ng kanyang pag-uugali. Kung pipiliin ng isang lalaki ang maling babae, nagpapakita ito ng kanyang pag-uugali. At kung sa ano niya itinatali ang kanyang sarili, ay totoong nagpapakita ito kung ano ang nasa kanya. Ipinapakita ng isang babae kung ano ang nasa lalaki kapag pinili niya siya para maging asawa. Ipinapakita nito kung ano ang nasa kaloob-looban niya. Kahit ano pa man ang sinasabi niya sa panlabas, masdan kung ano ang pinakasalan niya.

<sup>59</sup> Pupunta ako sa opisina ng isang lalaki, at sasabihin niyang isa siyang Cristiano; tapos mga larawan ng babaeng halos walang saplot ang nakadikit sa lahat ng mga dingding, ang tugtog na boogie-woogie na iyon ang tumutugtog. Wala akong pakialam kung ano man ang sabihin niya. Hindi ako naniniwala sa kanyang patotoo, dahil kumakain ang kanyang espiritu ng

mga gayong bagay ng sanlibutan. Ano kaya, halimbawa, kung pakakasalan niya ang isang chorus girl, o ano kaya kung pakakasalan niya ang isang reyna ng kahalayan, o kaya'y isang magandang, modernang ricketta lang? Sumasalamin ito. Nagpapakita ito ng kung ano ang nasa kanyang isipan, kung ano ang magiging tahanan niya sa hinaharap, dahil pinili niya siya upang magpalaki sa kanyang mga anak. At maging anuman siya, sa ganoong paraan niya palalakihin ang mga anak na iyon. Kaya, ipinapakita nito kung ano ang nasa lalaki. Ang lalaking pumipili ng isang babaeng ganoon, ay nagpapakita lamang ng kung ano ang iniisip niya sa hinaharap.

<sup>60</sup> Maiisip ba ninyo ang isang Cristianong gumagawa ng isang bagay na ganoon? Hindi, po. Hindi ko maisip. Ang isang tunay na Cristiano ay hindi hahanap ng gayong mga reyna ng kagandahan, at mga chorus girl, at mga reyna ng kahalayan. Ang hahanapin niya ay pag-uugaling Cristiano.

<sup>61</sup> Ngayon, hindi ninyo maaaring taglayin ang lahat ng mga bagay. Maaaring may isang dalaga na talagang maganda. At 'yung isa namang dalaga, marahil siya'y isang. . . ang kabuuan niya ay mas magandang tingnan kaysa sa isang ito. At maaaring isakripisyo mo ang isa para doon sa isa pa, ngunit, kung hindi siya ang larawan ng isang binibini, ng isang babae. At, siya. . . Hindi mahalaga sa akin kung maganda man siya o hindi. Maiging tumingin kayo sa kanyang pag-uugali, maging maganda man siya o hindi maganda.

<sup>62</sup> Ngayon, sapagkat, nararapat, na kung ang isang Cristiano ay pipili ng isang asawang babae, dapat niyang piliin ang isang tunay, na ipinanganak na muling babae, maging ano pa man ang kanyang itsura. Ito'y kung ano siya, kung ano ang bumubuo sa pagkatao niya. At pagkatapos, muli, iyon ang nagpapakita ng kanyang sariling maka-Diyos na pag-uugali, at nagpapakita kung ano ang nasa kanyang isipan at kung ano ang mangyayari sa hinaharap, sapagkat ang kanyang pamilya ay pangangalagaan ng gayong babae, para sa mga plano sa hinaharap para sa kanyang tahanan.

<sup>63</sup> Kung pakakasalan niya ang isa sa mga kung anong modernong rickettang ito, mga reyna ng kahalayan, ano pa ba ang maaasahan niya? Ano'ng uri ng tahanan ang maaasahang taglayin ng isang lalaki? Kung pakakasalan niya ang isang babae na walang sapat na moralidad sa kanya upang manatili sa tahanan at asikasuhin ang bahay, at gustong magtrabaho sa kung kaninong opisina, magiging anong klase siyang tagapagpanatili ng bahay? Magkakaroon kayo ng mga yaya at kung anu-ano pa. Totoo 'yon.

<sup>64</sup> Ngayon, hindi ko gaanong gusto itong makabagong panlasa, tungkol sa mga babaeng nagsisipagtrabaho. Kapag nakikita ko itong mga kababaihang nangakasuot ng mga unipormeng ito,

na nagpapatrol sa lungsod na ito, sakay ng mga motorsiklo, bilang pulis, isang kahihiyan sa alinmang lungsod na hayaan ang isang babae na gawin iyon. Kita n'yo? Kita n'yo? Samantalang maraming kalalakihan ang walang hanapbuhay, nagpapakita ito ng modernong pag-iisip ng lungsod natin. Ipinapakita nito ang pagbaba ng antas. Hindi natin kailangang hayaang nasa labas doon silang mga kababaihan nang ganoon. Wala silang anumang karapatan na lumabas doon nang ganoon.

<sup>65</sup> Kapag binigyan ng Diyos ang isang lalaki ng isang asawang babae, binigyan Niya siya ng pinakamabuting bagay na maibibigay Niya sa kanya, bukod sa kaligtasan. Ngunit kapag ang isang iyon ay pipiliting kunin ang puwesto ng isang lalaki, kung gayo'y siya na ang pinakamasamang bagay na makukuha niya. Ngayon, tama iyon. Kita n'yo?

Makikita natin ngayon ang espirituwal na aplikasyon.

<sup>66</sup> Ako—alam kong masama iyon, iniisip ninyong masama ito, ngunit ito ang Katotohanan. Wala tayong pakialam gaano man ito kasama, kailangan nating harapin ang katotohanan. Iyon ang itinuturo ng Biblia. Kita n'yo?

<sup>67</sup> Ngayon, ating nakikita dito nang malinaw ang espirituwal na plano, ang pagpapalano ng Diyos para sa Kanyang Tahanan sa hinaharap kasama ang Kanyang Nobya sa hinaharap, na nalalantad na ngayon.

<sup>68</sup> Kung pakakasalan ng isang lalaki ang isang reyna ng kahalayan, makikita n'yo kung ano ang hinahanap niya para sa hinaharap. Kung pakakasalan ng isang lalaki ang isang babaeng hindi mananatili sa tahanan, makikita ninyo kung ano ang hinahanap niya sa hinaharap. At ako minsan . . .

<sup>69</sup> Pangit itong pakinggan. Lamang ay nadarama kong sabihin ito. At ako—ako, kadalasan, kung nadarama kong sabihin ang bagay na iyon, dapat ko talaga itong sabihin. At kadalasan ito'y paraan ng Diyos.

<sup>70</sup> Ako—dati akong sumasama sa isang rantsero na pinagtatrabahuhan ko noon, para bumili ng baka. At napansin ko ang matanda kong kaibigan na iyon na laging tumitingin mismo sa mukha ng isang dumalagang baka bago siya makipagtawaran. Pagkatapos ay ipapaling niya ang ulo nito, at titingnan nang pabalik-balik. Sinusundan ko siya noon, pinanonood siya. At titingnan niya ito nang pataas at pababa, kung mabuti ba ito, ang postura. Saka siya papaling at titingnan ito sa mukha, at kung minsa'y iiling siya at aalis na.

Sabi ko, "Jeff, may gusto akong itanong sa iyo."

Sabi niya, "Sige lang, Bill."

<sup>71</sup> At sabi ko, "Bakit tinitingnan mo lagi 'yung baka sa mukha?" Sabi ko, "Mukha namang maayos siya, isa talagang—talagang malusog na baka."

<sup>72</sup> Sabi, “Gusto kong sabihin sa iyo, bata, marami ka pang kailangang matutunan.” At ako—napagtanto ko iyon matapos niyang sabihin sa akin. Sabi, “Walang anuman sa akin kung gaano man ang pangangatawan nito. Maaaring malamán siya, hanggang sa paa. Pero kung meron siyang mabangis na tingin sa kanyang mukha, huwag na huwag mo siyang bibilhin.”

Sabi ko, “Bakit naman, Jeff?”

<sup>73</sup> “Buweno,” sabi, “ang unang bagay ay,” sabi, “hindi siya talaga pipirmi.” At sabi niya, “Ang pangalawang bagay ay, hindi talaga siya magiging ina sa anak niya.” At sabi, “Inilalagay na nila siya sa isang kulungan ngayon, na siyang dahilan kaya siya mataba. Pakawalan mo siya, na may ganyang mabangis na tingin, papatayin niya ang sarili niya.”

<sup>74</sup> Sabi ko, “Alam mo, medyo may natutunan akong bagay. Naniniwala akong magagamit din ’yan sa mga babae.” Tama. Tama.

<sup>75</sup> Iyang mabangis, na naninitig, na tinging ricketta, mabuti pang iwasan mo na siya, bata, ’yung lahat ng kung anong asul na ’yon sa ibabaw ng kanyang mga mata. At hindi ko. . . Hindi ko gusto iyon. Sa palagay ko’y hindi iyon nararapat sa isang Cristiano. Walang anuman sa akin gaano man sabihin ng telebisyon at pahayagan na maganda iyon. Iyon ang pinakanakakatakot, kahindik-hindik na itsurang nakita ko sa tanang buhay ko.

<sup>76</sup> Nang una kong makita iyon, dito sa Clifton’s Cafeteria, isang umaga, sa isang agahan. Nakita ko ang ilan sa mga kabataang babaeng iyon na dumating. Kapapasok lang noon ni Kapatid na Arganbright, at ako. At pumunta siya sa ibaba. At tumingin ako, at pumasok ang kabataang babaeng iyon. Naisip ko, “Naku, ako—ako—ako—hindi ko alam.” Hindi pa ako nakakita nito dati. Kung anong uri ito. Oh, para bang siya’y may sakit na ganggrena, alam n’yo, sadyang kakatwang tingnan. Hindi ko sinasabi ’yan para magpatawa. Ako—sinasabi ko ito. Alam n’yo, nakakita na ako ng ketong. Isa akong misyunero. Nakakita na ako ng lahat na ng uri ng mga lubhang kakaiba, alam n’yo, ng kung paano ang mga sakit. At lalapit na sana ako noon sa batang binibini at sasabihin sa kanya, “Ako—ako—isa akong ministro. Ako—nananalangin ako para sa mga maysakit. Nais—nais mo bang manalangin ako para sa iyo?” At hindi pa talaga ako nakakita ng ganoon. At pagkatapos, hetong paparating pa itong dalawa o tatlo, papasok. Medyo umatras na ako noon at naghintay.

<sup>77</sup> At dumating na si Kapatid na Arganbright, kaya sabi ko, “Kapatid na Arganbright?” Baka narito siya. Sabi ko, “Ano kaya’ng problema sa babaeng iyon?” Kita n’yo?

At sabi niya, “Iyon, kolorete ’yon.”

<sup>78</sup> Sabi ko, “Buweno, naku!” Kita n’yo? Akala ko’y kailangan na nila siyang dalhin sa kung saang pagamutan, alam

n'yo na, para maiwasan itong makahawa sa lahat ng iba pang kababaihan.

<sup>79</sup> Pero, alam n'yo, kailangan ninyong magplano, magmasid, mamalangin, kapag namimili kayo. Dahil, nakikita natin, sa pamamagitan nito, ang Salita ng pangako. Siya, ang nobya na pipiliin ng isang lalaki, ay ipakikita ang kanyang pag-uugali. Ipinapakita nito kung ano ang nasa loob niya.

<sup>80</sup> Ngayon, maiisip ba ninyo ang isang lalaki, na puspos ng Banal na Espiritu, na kukuha ng ganoong mapapangasawa? [Sinasabi ng kongregasyon, “Hindi.”—Pat.] Ako—ako—sadyang hindi ko ito maintindihan, kapatid na lalaki. Ngayon, marahil ay isa lamang akong matandang kakatwa. Pero, alam ninyo, ako—sadyang hindi ko 'yan maunawaan, kita n'yo, pansinin, dahil ipakikita nito kung ano ang nasa loob niya. Tutulungan siya nito na itaguyod ang kanyang tahanan sa hinaharap.

<sup>81</sup> Ngayon, kung gayon, kapag dumako naman tayo pabalik ngayon sa isang saglit, sa bahaging espirituwal. At kapag nakakita kayo ng isang iglesyang nasa sanlibutan, na kumikilos na gaya ng sanlibutan, umaasam sa sanlibutan, nakikibahagi sa sanlibutan, itinuturing ang Mga Utos ng Diyos na para bang hindi Niya isinulat ang Mga Iyon kailanman, kung gayon kayo—sadyang maiisip n'yo na na hindi kukuha si Cristo ng gayong Nobya. Maiisip ba ninyong kukunin ang isang modernong iglesya ng panahong ito para maging isang Nobya? Hindi ang Panginoon ko. Ako'y hindi. . .Hindi ko talaga iyon makita. Hindi. Alalahanin, ngayon, ang isang lalaki at ang kanyang asawa ay iisa. Ipagkakaisa ba ninyo ang inyong sarili sa isang taong ganoon? Kung gagawin n'yo nga, tiyak na medyo mabibigo ang pagtitiwala ko sa inyo.

<sup>82</sup> At, pagkatapos, paano naman ang Diyos na ipagkakaisa ang Kanyang Sarili sa isang ganyan, na isang pangkaraniwang makadenominasyong patutot? Palagay n'yo ba'y gagawin Niya ito, “May anyo ng kabanalan ngunit tinatanggihan ang kapangyarihan niyon”? Hinding-hindi Niya iyon gagawin. Kinakailangang taglay niya sa sarili niya ang Kanyang pag-uugali. Ang totoong, tunay na ipinanganak na muling Iglesya ay nararapat na taglay ang—ang pag-uugaling na kay Cristo, dahil ang mag-asawang lalaki at babae ay iisa. At kung ang ginawa lamang ni Jesus ay yaong kalugud-lugod sa Diyos, tinupad ang Kanyang Salita at inihayag ang Kanyang Salita, kinakailangang maging gayon din ang pag-uugali ng Kanyang Nobya. Hindi siya, sa anumang paraan, magiging isang denominasyon. Dahil, kung magkagayon, kahit gaano man ninyo gustong sabihing, “hindi,” pinamamahalaan pa rin siya ng isang kapulungan sa kung saan, na nagsasabi sa kanya kung ano ang dapat gawin at kung ano ang hindi niya maaaring gawin, at, maraming beses, na isang milyong milya ang layo sa tunay na Salita.

<sup>83</sup> Talagang nakalulungkot na nalayo na tayo sa tunay na Pinuno na iniwan sa atin ng Diyos upang pangunahan ang Iglesya. Hindi Siya kailanman nagsugo ng mga pang-estadong presbiteryo. Hindi Siya kailanman nagsugo ng mga obispo, mga kardinal, mga pari, mga papa. Isinugo Niya ang Banal na Espiritu para sa Iglesya, upang pangunahan ang Iglesya. “Kapag Siya ang Banal na Espiritu ay dumating, papatnubayan Niya kayo tungo sa buong Katotohanan, ihahayag ang mga bagay na ito sa inyo, na sinabi Ko sa inyo, ipapaalaala ang mga iyon sa inyo, at ipapakita sa inyo ang mga bagay na darating.” Ang Espiritu Santo ang gagawa niyan. Ngayon, kinamumuhian Iyon ng modernong iglesya. Hindi nila Ito gusto, kaya papaano nga siya magiging Nobya ni Cristo? Pinipili ng mga tao sa panahong ito ang isang modernong denominasyon. Kung ano ang ginagawa nito, ipinapakita lamang nito ang kanilang mahinang pagkaunawa sa Salita.

<sup>84</sup> Hindi ko gustong makasakit, pero layunin kong bumaon ito nang sapat hanggang sa pakakatingnan ninyo ito.

<sup>85</sup> Marami na akong ikinasal na mag-asawa, ngunit lagi nitong ipinaaalaala sa akin si Cristo at ang Kanyang Nobya. Isa sa mga kasal na isinagawa ko rito, may katagalan na, ito—ito ay sadyang namumukod-tanging bagay sa tanang buhay ko. Mga ilang taon na itong nakararaan, noong isa pa lamang akong kabataang ministro.

<sup>86</sup> Nagtatrabaho noon ang aking kapatid na lalaki sa—sa P.W.A. Hindi ko alam kung may nakakaalala pa diyan, mayroon man, o wala, sinumang kaedad ko. At iyon ay isang—isang proyekto dati ng pamahalaan. At nagtrabaho ang kapatid ko, nang mga tatlumpung milya. Naghuhukay sila noon ng ilang mga look, na isang proyekto para sa pangangalaga.

<sup>87</sup> At may isang kabataang lalaking nagtatrabaho doon, kasama niya, mula sa Indianapolis, mga, oh, mga isang daang milya sa taas ng Jeffersonville kung saan ako—ako nakatira, o tumira noon. At mayroon doong isang . . . Sabi niya sa kapatid ko, isang araw, sabi niya, “Doc,” sabi niya, “ako—gusto kong . . . magpapakasal na ako, kung mayroon lang akong sapat na perang pambayad sa mangangaral.” Sabi niya, “Ako—may sapat na akong pera para makuha ang lisensiya ko, pero,” sabi, “wala pa akong sapat na perang pambayad sa mangangaral.”

<sup>88</sup> Sabi ni Doc, “Buweno, isang mangangaral ang kapatid ko, at—at siya—maaari ka niyang ikasal.” Sabi niya, “Hindi siya nagpapabayad sa mga tao para sa mga ganyang bagay.”

Sabi niya, “Maaari mo ba siyang tanungin kung ikakasal niya ako?”

<sup>89</sup> Buweno, nang gabi ring iyon ay tinanong ako ng kapatid ko. Sabi ko, “Kung hindi pa siya naikakasal dati, sinuman sa kanila, at sila’y . . . maayos ang lahat sa kanila.” Sabi niya, “Buweno,



sige, itatanong ko sa kanya.” At sabi ko, “Kung ganoon, sabihin mo sa kanya, pumunta na dito.”

<sup>90</sup> Kaya, nang dumating ang Sabado at pumunta 'yung bata pang lalaki. Naging isang dakilang bagay para sa akin, na gunitain ito sa tuwina. Ako'y . . . Maulang hapon noon, at isang lumang kotseng Chevrolet, na may mga ilaw sa unahan na nakatali gamit ang isang pamulupot na alambre, na huminto, sa may harapan. Hindi pa katagalan noon matapos pumanaw ang aking kabiyak, at ako'y nag-iisa, sa dalawang maliliit na silid. At—at kasama ko roon si Doc, na naghihintay sa kanila.

<sup>91</sup> At—at bumaba sa kotse ang isang kabataang lalaki, at talaga namang hindi siya mukhang isang ikakasal na lalaki, para sa akin, o kahit na kanino, sa tingin ko. Siyanga. Ako'y halos . . . makakabili ng isang pares ng magandang sapatos, sa halagang isang dolyar at kalahati. At nakasuot siya ng isang pares, na pudpod na. At ang pantalon niya'y talagang luganggang na. At may suot siyang isa sa mga lumang balat na jacket na ito. Sa palagay ko'y sa inyong mas matatandang mga tao ay hindi na ito naaalala. Ito'y para bang isinalang sa makinang panlaba nang hindi man lang binanlawan, at ito'y may mga guhit na mantsa, nakabuhol nang *paganito*, at nakatikwas ang dulo.

<sup>92</sup> At isang—isang munting binibini ang bumaba naman sa kabila, na may isang munting, oh, ilan doon sa mga munting padama-ramang bestida.

<sup>93</sup> Hindi ko alam. Nagkamali ako sa pagtawag sa uri ng ganoong tela, minsan. Gingham, yata ang tawag dito sa palagay ko. At kaya ito'y isang . . . [Tumatawa ang kongregasyon—Pat.] Mali na naman ang pagkasabi ko rito. Ako—palagi ko itong nagagawa. At sabi ko . . .

<sup>94</sup> Bumaba siya sa kotse, at umakyat sila sa hagdan. At—at nang makapasok sila, ang kahabag-habag na munting nilalang, siya . . . Sa palagay ko, siya, sadyang para bang isang palda lamang ang mayroon siya. At wala siya kahit sapatos, talaga, na nakasuot. Nakiangkas lamang siya mula sa Indianapolis, pababa. May munting buhok na nakalaylay, sa likod, na mahabang, parang isang tirintas pababa sa kanyang likod. Napakabatang tingnan.

At sabi ko sa kanya, “Sapat na ba ang edad mo para magpakasal?”

<sup>95</sup> Sabi niya, “Opo, ginoo.” At sabi niya, “Mayroon po akong nakasulat na pahintulot mula sa tatay at nanay ko.” Sabi niya, “Kinailangan ko po itong ipakita sa—dito sa korte, para makuha ang lisensiya ko.”

<sup>96</sup> Sabi ko, “Sige.” Sabi ko, “Gusto ko muna kayong kausapin bago natin isagawa itong kasal.” Naupo sila. Panay ang paglinga-linga ng binatang iyon sa buong silid; talagang kailangan na niyang magpagupit ng buhok. At panay ang

paglinga-linga niya sa buong silid. Hindi siya nakikinig sa akin. Sabi ko, “Anak, gusto kong makinig ka sa sinasabi ko.”

Sabi, “Opo, ginoo.”

At sabi ko, “Mahal mo ba ang babaeng ito?”

Sabi niya, “Opo, ginoo. Mahal ko.”

Sabi ko, “Mahal mo ba siya?”

“Opo, ginoo. Mahal ko.”

<sup>97</sup> Sabi ko, “Ngayon, mayroon ka na bang lugar na pagdadalhan sa kanya pagkatapos ninyong ikasal?”

Sabi, “Opo, ginoo.”

<sup>98</sup> Sabi ko, “Sige. Ngayon,” sabi ko, “may gusto akong itanong sa iyo. Sa pagkakaalam ko, nagtatrabaho ka dito sa P.W.A. na ito.”

At sabi niya, “Siyanga, po.” Mga nasa labindalawang dolyar iyon kada linggo.

Sabi ko, “Sa tingin mo ba’y kaya mo siyang buhayin?”

Sabi niya, “Gagawin ko po ang lahat ng makakaya ko.”

<sup>99</sup> At sabi ko, “Buweno, maigi iyan.” At sabi ko, “Ngayon, papaano kung mawalan naman siya ng . . . Paano kung mawala ang trabahong ito sa kanya, kapatid? Ano’ng gagawin mo, uuwi ka ba sa inyo, kay nanay, tatay?”

Sabi niya, “Hindi, po. Mananatili po ako sa kanya.”

<sup>100</sup> At sabi ko, “Paano, ginoo, kung magkaroon na kayo ng tatlo o apat na anak, tapos walang maipakain sa kanila, at wala kang anumang hanapbuhay. Ano’ng gagawin mo, pauwiin mo ba siya?”

<sup>101</sup> Sabi, “Hindi, po. Patuloy pa rin akong magsusumikap. Makakaraos din kami, sa papaano mang paraan.”

<sup>102</sup> Nanliit ako. At nakita kong talagang mahal niya siya, at mahal nila ang isa’t isa. Ikinasal ko sila.

<sup>103</sup> Pagkatapos ay inisip ko kung saan niya kaya siya dinala. Ilang araw pagkatapos, tinanong ko ang kapatid kong, si Doc, kung saan iyon. Sabi niya, “Pumunta ka doon sa New Albany,” isang maliit na lungsod sa gawing ibaba namin.

<sup>104</sup> At doon sa may ilog, kung saan mayroon akong isang yero na nakapuwesto doon, kung saan ako nagpupunta araw-araw noong ako—ako’y lineman pa. Kaya kapag ang ibang mga katrabaho ko, mag-uumpukan na silang lahat, magbibiruan na at mga ganung bagay, sasakay ako sa trak at pupunta doon sa may ilog at mananalangin sa loob ng sandaling iyon . . . ? . . . At magbabasa ng aking Biblia, sa ilalim ng isang malaking piraso ng yero kung saan dating naroon ang isang pagawaan ng bakal. Mayroong mga bagon na nakatambak doon.

105 At nagpunta doon ang lalaking ito at ginamit ang isa sa mga bagon na iyon at nagbutas siya rito ng isang pinto. At kumuha ng isang dyaryo at mga tacky button.

106 Ilan ba ang nakakaalam kung ano ang tacky button? Wala palang mga taga-Kentucky dito, kung gayon. Ito'y, kumuha ka ng isang piraso ng karton, maglagay ka ng isang thumbtack dito, isang maliit na pako. At saka ito itusok sa... Iyon ang tacky button.

107 Kaya, inilagay nila iyon sa buong palibot. At nagtungo siya roon sa pagawaan ng mga bakal at kumuha siya ng ilang bagay, at gumawa ng isang hagdanan, para makaakyat. At kumuha ng ilang mga lumang kahon, gumawa siya ng isang lamesa. At naisip ko, isang araw, "Pupunta ako doon at titingnan kung kumusta na sila."

108 Mga anim na buwan bago iyon, ikinasal ko ang anak na babae ni E. V. Knight sa anak na lalaki ni E. T. Slider. Si E. V. Knight, isa sa pinakamayamang lalaki doon sa Ilog Ohio, at, oh, nagpapatakbo ng mga malalaking pabrika doon, na gumagawa nitong mga yaring bahay, at iba pa. At—at si Slider, E. T. Slider, ay 'yung sa kumpanya ng buhangin at graba, mga anak ng mga milyonaryo. At ikinasal ko sila.

109 At bumalik ako sa isang lugar, pinagsanayan ito nang mga dalawang linggo, at babalik na naman sa isang tanghalan at luluhod sa isang unan. At lahat ng marangyang palabas at lahat na ng bagay na talagang pinagdaanan ko, halos, na kinailangang pagdaanan, para lang maikasal ang mag-asawang iyon! At nang lumabas sila, aba, sila ay... Itong isa pang munting mag-asawa'y nakatayo lamang doon sa isang maliit na lumang silid kung saan mayroon kaming isang maliit na sopa at isang higaang de-tiklop, pero pareho silang ikinasal sa pamamagitan ng gayon ding seremonya.

110 At pagkatapos, isang araw, naisip kong pumunta doon at dalawin itong mag-asawang mayaman. Hindi na nila kailangang magtrabaho, mga milyonaryo na ang mga ama nila, ipinagpatayo sila ng isang magandang bahay. Sa totoo lang, itong si E. V. Knight, sa taas, dito sa may burol, katorse karat ang mga hawakan ng kanyang pinto sa kanyang malaking palasyo, kaya maiisip n'yo na kung anong uri ng bahay ang tinitirhan nila. Hindi na nila kailangang magtrabaho. Mayroon silang isang magarang Cadillac na ibinibigay sa kanila taun-taon. At sadyang, nag-iisang mga anak, at sadyang nasa kanila na ang lahat ng gusto nila. Nang magpunta ako isang araw... .

111 Ngayon, kung paano ko sila nakilala, isa sa mga kaibigan nila ay isang malapit kong kaibigan. Lahat kami'y malalapit sa isa't isa. At sa ganoong paraan ko nakakilala, noong gusto nila akong magkasal sa kanila.

112 Kaya nagpunta ako para dalawin sila. Bumaba ako sa luma kong Ford, sa labas, at umakyat sa hagdan. At—at napalapit ako, nang medyo mas malapit pa, at narinig ko sila. At talagang nagtatalo sila. Nagseselos sila sa isa't isa. Nagpunta sila sa isang sayawan. Napakaganda niyang babae. At para bang isa siya rito sa mga reyna ng kagandahan. Marami siyang nakuhang premyo doon, at nanalo ng ilang mga sasakyan at mga ganung bagay, sa pagiging reyna ng kagandahan. At tiningnan ko sila, at nakaupo ang isa sa isang sulok at 'yung isa naman doon sa isa pa, na nagtatalo tungkol sa isang lalaking nakasayaw nung babae, o isang babae, kung anoman.

113 Nang dumating ako, napatayo kaagad sila at umakbay sa isa't isa doon sa sahig, at ang kanilang—kanilang mga kamay, doon sa sahig, lumapit sa pintuan. Sabi, “Aba, kumusta na, Kapatid na Branham! Kumusta na po kayo?”

Sabi, “Mabuti. Kumusta naman kayong dalawa?”

114 At, “Oh,” sabi ng lalaki, “ako—ako. . . Napakasaya namin. Hindi ba, honey?”

At sabi ng babae, “Oo, mahal.” Kita n'yo?

115 Ngayon, nakita ninyo, nagpapakita kayo ng isang bagay na hindi totoo. Ngayon, hindi kayo maiinitan sa pamamagitan ng isang ipinintang apoy, gaya ng ilan sa mga iglesyang ito na pinipilit na magpinta ng pentecostes, ng isang bagay na nangyari isang libong taon na ang nakakaraan o dalawang libong taon na ang nakakaraan. Hindi kayo maiinitan sa pamamagitan ng isang ipinintang apoy. Ang pentecostes ay kasing totoo ngayon gaya nito noon. Kita n'yo? Siyanga. Bumababa pa rin ang Apoy. Hindi ito isang ipinintang apoy. Isa itong tunay na Apoy.

116 Kaya, sila, hayun lamang sila. Kita n'yo? Ako—hindi ko nanaising mabuhay nang ganoon.

117 “Oh,” naisip ko, “alam mo, doon lamang sa ibaba roon ng talampas at doon sa may ilog, doon napunta ang isa pang mag-asawang ito.” Naisip ko, “Isang Sabado ng hapon pupuslit ako doon at titingnan kung kumusta na sila.”

118 Kaya ako, may dungis pa sa mukha, at nakasuot ng maruming overall, nakasuot pa ang mga kagamitan. Naisip ko, “Sisilip ako sa kanila.” Nagmanman ako na para bang ako'y naghahanap-hanap ng mga insulador na nasira ng kidlat o kung anong bagay, at habang naglalakad ako sa gilid ng kable ng telepono, ang mga kable ng kuryente na nasa pampang ng ilog. At naroon ang lumang Chevrolet, na nakagarahe sa may harapan. Mga isang taon na ang nakalipas noon, pagkatapos ko silang ikasal. At mayroon doong isang—isang. . . Nakabukas ang pinto, at naririnig ko silang nag-uusap. Kaya para bang pagiging isang mapagkunwari ang dating nito, pero lumapit ako nang husto hanggang sa magawa kong makinig, makita kung

ano ang pinag-uusapan nila. Nakatayo doon. At gusto ko lamang malaman, sa sarili ko.

<sup>119</sup> Gusto kong malaman at matiyak na alam ko kung ano ang sinasabi ko. Ganoong paraan ang ginagawa ko patungkol sa Salita ng Diyos. Ito nga ba ang Katotohanan, o hindi Ito ang Katotohanan? Tutuparin ba Niya ang Kanyang Salita, o hindi Niya tutuparin ang Kanyang Salita? Kung hindi Niya tinutupad ang Kanyang Salita, kung gayo’y hindi Siya Diyos. Kita n’yo? Kung tinutupad Niya ang Kanyang Salita, Diyos Siya. Kita n’yo?

<sup>120</sup> At kaya gusto kong malaman kung kumusta na sila. At pumuslit ako sa tagiliran, nang madali. Narinig kong sabi ng lalaki, “Oh, honey, gusto kong bilhin iyon para sa iyo, talaga.”

<sup>121</sup> Sabi naman ng babae, “Ngayon, tingnan mo, sweetheart.” Sabi nito, “Ayos naman ang bestidang ito.” Sabi nito, “Naku, puwedeng-puwede naman ito.” Sabi, “Pinasasalamatan ko iyon. Pero kita mo. . .”

<sup>122</sup> Lumigid ako paikot, para makasilip ako sa siwang, kung saan ay itinulak ang pintuan pabukas doon sa bagon. At naroon ang lalaki, na nakaupo doon, at nakakandong ang asawa sa kanya; at nakayakap siya rito, at nakayakap ito sa kanya. At mayroon siyang isa sa mga lumang sumbrerong ito na may malapad na pardiya, at naglagay ng isang maliit na butas, na nilamukot ito pababa, ang tuktok, at inilabas ang kanyang sweldo, doon. Siya—inilapag niya iyon sa mesa. Sabi, “*Ganitong* halaga para sa mga grocery. *Ganitong* halaga para sa insurance. At *ganitong* halaga para sa kotse.” At hindi nila magawang pagsapatin. Ang nangyari pala, nakakita siya ng isang munting bestida doon sa eskaparate, tinitingnan-tingnan ito nang mga ilang linggo na, na nagkakahalagang isang dolyar at higit pa. Gusto niya itong bilhin. Sabi, “Buweno, honey, napakaganda mong tingnan dito.” At sabi niya. . .

<sup>123</sup> Sabi nito, “Pero, honey, ako—may bestida naman ako. Ako—hindi ko naman talaga kailangan ’yun.” Kita n’yo? At ang munting reynang iyon. . .

<sup>124</sup> Umatras ako, at tumingala. Nakikita ko ang—ang tore sa tuktok ng kabilang bahay. Tumayo ako doon at nakatingin, nang ilang minuto. Napaisip ako, “Sino nga ba ang mayaman na lalaki?” Sa loob-loob ko, “Kung, Bill Branham, kung pamimiliin ka sa gusto mong kalagayan, saan mo gustong mapunta?” Para sa akin, hindi ko pipiliin ang magandang bagay na iyon sa tuktok ng burol na iyon. Pipiliin ko itong pag-uugali nitong nasa ibaba, bilang isang tunay na tagapagtaguyod ng tahanan, isang tao na nagmamahal sa akin at nananatili sa akin, ’yung isa na sisikaping bumuo ng isang tahanan; at hindi ka kikikilan para sa lahat na ng bagay, para sa mga karangyaan; at isa na kasama mo, na bahagi mo.

<sup>125</sup> Lagi nang tumimo iyon sa akin, kung papaano iyon. Ang isa'y pinili ang isang magandang babae, ang isa pa'y pinili ang pag-uugali. Ngayon, sa ganoong paraan ka lamang makapipili. Una, tumingin ka sa pag-uugali at, pagkatapos, kung mahal mo siya. Mabuti.

<sup>126</sup> Pansinin, ang unang Adan ng Diyos ay walang anumang pamimilian, para mapangasawa niya. Wala siyang pagpipilian. Sadyang ginawan na siya ng Diyos ng isa, at hindi niya siya pinili. Kaya nalaman natin na inakay siya nito palayo sa Salita ng Diyos. Hindi niya naipanalangin ang bagay na iyon. Siya—siya—siya'y hindi katulad mo at ko. Hindi siya nakapamili. At muli, sa pamamagitan ng paggawa niyon, inilayo siya nito sa kanyang tamang kalagayan bilang isang anak ng Diyos. At ginawa ng babae iyon sa pamamagitan ng pagpapakita sa kanya ng mas modernong paraan ng pamumuhay, isang bagay na hindi nila talaga dapat ginawa. Ngunit ang pag-uugali ng babae ang nagpakita na siya ay mali. Ang kanyang mga motibo at layunin ay sadyang mali. At hinimok ang lalaki, sa pamamagitan ng kanyang pangangatwiran, na ang modernong bagong liwanag na kanyang natagpuan, na taliwas sa Salita ng Diyos, ay isang higit na mabuting paraan ng pamumuhay.

<sup>127</sup> At gaano karaming mga kababaihan ngayon, at gayon din naman, ang mga kalalakihan, na hahatakin ang isang mabuting babae palayo sa Diyos, o hahatakin ang isang mabuting lalaki palayo sa Diyos, sa pamamagitan ng pagsisikap na sabihin sa kanya, “Ang relihiyong ito, kayong mga lalaking Pentecostal! Ang relihiyong iyon,” sasabihin nila, “oh, Iya'y makaluma na. Makaluma na Ito. Huwag kang maniwala Diyan.” Maiging manalangin kang mabuti bago mo pakasalan ang babaeng iyon. Wala akong pakialam gaano man siya kaganda. Ganoon rin sa isang lalaki.

<sup>128</sup> Hinikayat niya ang lalaki palayo sa kalooban ng Diyos at naudyukan ito na gumawa ng isang bagay na hindi nito dapat na ginawa, at, sa pamamagitan nito, ay nagdulot ng kamatayan sa buong sangkatauhan. Iyan ang dahilan kaya siya binawalan ng Biblia na magturo, o na mangaral, o na humawak ng Salita ng Diyos, sa anumang paraan.

<sup>129</sup> Alam ko, kapatid na babae, na marami sa inyo ang nagsasabi, “Tinawag ako ng Panginoon para mangaral.”

<sup>130</sup> Hindi ako makikipagtalo sa inyo. Pero sasabihin ko sa inyo, sinabi ng Salita na huwag ninyo itong gawin. “Hindi siya dapat magturo, o magkaroon ng anumang pamumuno, kundi manahimik.”

“Buweno,” sasabihin ninyo, “sinabi ng Panginoon na gawin ko ito.”

<sup>131</sup> Wala akong duda diyan ni katiting man. Narinig n'yo ba ang Mensahe ko noong isang gabi tungkol kay Balaam? Nakuha ni

Balaam ang unang, tuwid na pasya ng Diyos na, “Huwag itong gawin.” Subalit patuloy siyang nagpupumilit hanggang sa wakas ay sabihin na sa kanya ng Diyos na humayo at gawin ito.

<sup>132</sup> Maaaring pahintulutan ka ng Diyos na mangaral. Hindi ko sinasabing hindi Niya gagawin. Pero hindi ito ayon sa Kanyang orihinal na Salita at plano. “Sapagkat dapat siyang mapasailalim sa pagtalima, gaya rin naman ng sinasabi ng kautusan.” Totoo ito. Samakatwid, hindi niya ito dapat gawin.

<sup>133</sup> Ngayon, pansining muli kung papaanong tumitipo ang natural na nobya sa espirituwal. Sinasabi ng Salita, na, “Ginawa siya para sa lalaki, at hindi ang lalaki para sa kanya.”

<sup>134</sup> Ngayon mangungusap ako, at kung bakit, sa ilang sandali, tungkol sa Nobya ni Cristo, ngunit sinisikap kong ipakita sa inyo ang pinagmulan nito.

<sup>135</sup> “Ang babae ay ginawa para sa lalaki, at hindi ang lalaki para sa babae.” Iyon ang dahilan, sa ilalim ng lumang mga kautusan, na legal ang pag-aasawa ng marami. Tingnan n’yo si David doong nananahan kasama ang limandaang asawa, at sinabi ng Biblia na, “Isa siyang lalaking kinalulugdan ng puso ng Diyos.” Mayroong limandaang asawa, at si Solomon naman ay mayroong isang libo, ngunit wala isa man sa mga babaeng iyon ang maaaring mag-asawa ng iba.

<sup>136</sup> Kunin n’yo ang teyp ko tungkol sa *Pag-aasawa At Diborsiyo*. Na, doon sa itaas ng bundok sa Tucson, dito hindi pa katagalan, naroon akong nananalangin tungkol dito. Pinatigil nila ang mga klase, para mamasdan ’yung Haliging Apoy na umiikot sa bundok at kumikilos na parang imbudo, nang pabalik-balik, taas-baba. Alam ito ng mga tao sa palibot dito, naroon at nakita Ito; at Ito’y... nang sabihin Niya sa akin ang Katotohanan tungkol dito sa pag-aasawa at diborsiyo na mga katanungan. Kung may isang panig na patungo sa direksyon na *ito*, at isang patungo sa direksyon na *iyon*, kinakailangang may isang Katotohanan sa kung saan. Pagkatapos ng Pitong Selyo na iyon, ipinakita Niya kung ano ang Katotohanan tungkol dito.

<sup>137</sup> Pansinin, ngayon, hindi siya maaaring magkaroon maliban sa isang asawa, dahil, “Ang babae ay nilikha para sa lalaki, at hindi ang lalaki para sa babae.” Ang lahat ng limandaang kababaihang iyon ay asawa lamang ni David, at isa itong tipo. Kapag lumuklok na si Cristo sa Luklukan sa Milenyo, hindi magiging iisang tao ang Kanyang Nobya, kundi ito’y magiging laksa-laksa, ang Nobya, lahat sa Isa. At maraming asawa noon si David, bilang mga indibidwal, ngunit lahat silang sama-sama ay kanyang asawa. Gaya ng buong Katawan ng mga mananampalataya ay ang Nobya ni Cristo, dahil Ito’y Siya, ang babae. Siya ang Lalaki. Ngayon, ginawa tayo para kay Cristo. Hindi ginawa si Cristo para sa atin.

<sup>138</sup> Iyon ang sinusubukan nating gawin ngayon sa ating mga aklat, ay ang piling gawin ang Salita (na siyang si Cristo) na umakma sa atin, sa halip na tayo ang magsikap gawin ang ating sariling nakaakma sa Salita. Iyon ang kaibahan.

<sup>139</sup> Kapag ang isang lalaki ay namili ng isang babae mula sa isang pamilya, hindi siya dapat sumandig sa ganda, sapagkat nakalilinlang ang kagandahan. At ang kagandahan, ang modernong makasanlibutang kagandahan, ay sa Diablo.

“Oh,” narinig ko ang isang nagsalita diyan, “mag-ingat ka rito, mangangaral!”

<sup>140</sup> Sinasabi ko na ang mga bagay na ito sa lupang ito, na tinatawag na maganda, ay tiyak ngang sa Diablo. Patutunayan ko ito sa inyo. Kung gayon, sa liwanag ng pagbanggit na ito, ay siyasatin natin ang banal na Salita ng Diyos, upang makita kung tama nga ba ito o hindi. At ang ilan sa inyong mga kababaihan ay gustong maging napakaganda! Tingnan kung saan ito nanggaling. Sa pasimula, nasumpungan natin na napakaganda ni Satanas hanggang sa madaya niya ang Mga Anghel. At siya ang pinakamagandang Anghel sa lahat sa kanila. Ipinakita, na naroon ito sa Diablo. Sinabi sa Mga Kawikaan, sinabi ni Solomon, “Walang kabuluhan ang kagandahan.” Tama iyon. Maganda ang kasalanan. Tiyak, ito nga. Nakakaakit ito.

<sup>141</sup> Gusto ko kayong tanungin, at sabihin ang isang bagay dito sa inyo. Nais kong pansinin ninyo, sandali. Sa lahat ng mga uri ng nilalang sa mundo, mga ibon, mga hayop, nasusumpungan natin sa buhay ng hayop, lahat maliban sa tao, ang lalaki ang maganda, at hindi ang babae. Bakit ganoon? Tingnan n’yo ang . . . Tingnan n’yo ang usa, ang—ang magandang lalaking usa na taglay ang kanyang mga sungay, at ang isang walang sungay na babaeng usa. Tingnan n’yo ang—ang inahing manok, ang munting, batik-batik na inahin, at ang malaking magandang balahibong tandang. Tingnan n’yo ang lalaking ibon at ang babaeng ibon. Tingnan n’yo ang lalaking bibe at ang babae. Kita n’yo? At wala ni isang uri ng nilalang sa mundo, na ginawa, na makapandaraya at makabababa na kasing baba ng isang babae.

<sup>142</sup> Ngayon, kapatid na babae, huwag kang tumayo at lumabas. Maghintay lamang hanggang sa marinig natin ang dulo Nito. Kita n’yo? Kita n’yo?

<sup>143</sup> Walang anumang bagay, walang babae maliban sa babaeng tao, ang maaaring maging imoral. Tinatawag n’yo ang isang aso na “isang mahalay,” tinatawag ninyo ang isang baboy na “isang— isang baboy,” pero, sa pagka-moral, higit na may mga moral sila kaysa kalahati ng mga artista sa pelikula na mayroon dito. Sila ay wala nang iba pa kundi imoral.

<sup>144</sup> At ang babae ang isa na binago, para sa pagpapasamâ. Siyanga. Nakita n’yo kung saan siya dinala ng kagandahan? Ngayon, iyon ang dahilan kaya, ngayon, masusumpungan nating



higit na gumaganda ang mga kababaihan. Ihalimbawa n'yo si Pearl O'Brien, nakita n'yo na ba ang litrato niya? Sinasabing pinakamaganda sa Amerika. Walang isa mang batang mag-aaral mula sa alinmang paaralan na hindi siya mailalagay sa—sa hulihan. Alam n'yo bang magiging ganoon nga ito? Alam n'yo bang sinasabi ng Biblia na magiging ganoon ito?

<sup>145</sup> Alam n'yo bang ang pagkahulog ay dumating sa pamamagitan ng mga babae noong pasimula? At ang pagkahulog...Ganoon din ang kahahantungan ng wakas, hahantong ang mga kababaihan sa kapangyarihan at pamumunuan ang mga kalalakihan, at iba pa. Alam n'yo bang sinasabi 'yan ng Kasulatan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Alam ninyo, nang araw na magsuot siya ng mga kasuotang panlalaki, at magpagupit ng kanyang buhok, lahat ng mga bagay na iyon ay taliwas sa Salita ng Diyos. At alam n'yo bang ikinakatawan niya ang iglesya? ["Oo."] Kapag minasdan ninyo ang ginagawa ng mga kababaihan, makikita ninyo kung ano ang ginagawa ng iglesya. Talagang tama nga iyon. Ngayon, ngayon, iyan ay kasing totoo na gaya ng ang Salita ng Diyos ay totoo.

<sup>146</sup> Wala nang iba pang babaeng nilikha na kayang magpakababa gaya ng magagawa ng isang taong babae. At gayun pa man, sa pamamagitan niyan, dahil ginawang isang an-...

<sup>147</sup> Wala siya sa orihinal na paglalang. Lahat ng ibang mga babae ay nasa orihinal na pagkalalang: mga ibon, lalaki at babae; mga hayop, lalaki at babae. Ngunit, sa buhay ng tao, isang lalaki lamang ang ginawa ng Diyos, at gumawa na Siya mula sa kanya. At ang babae ay ang produktong ginawa mula sa isang lalaki, dahil hindi pinasimulan ng Diyos ang gayong bagay. Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan. Talagang tama nga. Ang Diyos, wala, po, sa Kanyang orihinal na paglalang. Inilabas ang babae doon.

<sup>148</sup> Subalit kung magagawa niyang panatilihing nasa wasto ang kanyang sarili, isang higit na napakalaking gantimpala ang mayroon siya kaysa sa lalaki. Inilagay siya sa isang pagsubok. Sa pamamagitan niya dumating ang kamatayan. Siya'y may-sala sa lahat ng kamatayan. Subalit gayun pa ma'y pumaling ang Diyos at ginamit ang isa upang muling ibalik ang Buhay; pinarating ang Kanyang Anak sa pamamagitan ng babae, ang isang masunurin. Ngunit ang isang masama ay ang—ang pinakamasamang mayroon; wala nang anumang magiging gayon kababa.

<sup>149</sup> Si Cain, ang anak ni Satanas, ay inakalang tatanggapin ng Diyos ang kagandahan. Ginagawa niya ito ngayon. Anak ni Satanas si Cain. "Oh, ngayon!" sasabihin n'yo. Hindi na natin ididetalye pa iyan, pero hayaang tapusin ko ito para sa inyo.

Sinabi ng Biblia na siya “ay sa isang masamang iyon.” Kaya, iyon na 'yon. Sige. Ngayon, anak siya ni Satanas. At inakala niya na, ang pag-aalay niya sa isang altar at na ginagawa itong napakaganda para sa pagsamba, ay iyon ang tatanggapin ng Diyos.

<sup>150</sup> Iniisip nila, iniisip ang gayon ding bagay ngayon. Tiyak nga. Ito, “Nagtatayo tayo ng isang malaking gusali. Magkakaroon tayo ng malalaking mga denominasyon. Gagawin natin ang pinakamalaking gusali at ang pinakamaiinam manamit na mga tao, ang pinakaedukadong mga ministro.” Kung minsa’y sampung milyong milya ang layo diyan ng Diyos. Tama ‘yan. Gayun pa man, ito’y isang iglesya.

<sup>151</sup> Kaya, kung ang irerespeto lamang ng Diyos ay ang pagsamba, katapatan, hain, sadyang matuwid din si Cain na gaya ni Abel. Subalit ito’y sa pamamagitan ng kapahayagan, na kanyang napag-unawang hindi iyon mga mansanas na kinain ng kanyang mga magulang.

<sup>152</sup> May sasabihin akong isang bagay dito na hindi maganda sa pandinig para sa isang ministro, pero sasabihin ko pa rin ito, ganun pa man. Naririnig ko ang iba sa mga ito’ng may mga sinasabi, ‘yung pagsasabi daw ng mga kung anu-anong biro. Hindi ko sinasadya iyon. Sinabi ko ito, ganun pa man, “Kung ang pagkain ng mga mansanas ang naging sanhi ng pagkaalam ng mga babaeng nakahubad sila, mas mabuting mamigay na tayong muli ng mga mansanas.” Kita n’yo? Kita n’yo? Uh-huh. Patawarin n’yo ako dahil diyan, ngunit para lamang nang sa gayo’y mabago ito. Napanatili ko kayo rito, at sa pangungusap ng tungkol sa mga kababaihan, at iba pa. Ako—ako—gusto ko lamang na mapalagay kayo sandali, para sa paparating na kasunod. Ngayon, pansinin, kayo. Hindi iyon mga mansanas. Alam natin ‘yan.

<sup>153</sup> Ang kinahinatnan ng iglesya sa mga panahong ito, taglay ang kahanga-hangang gawa nito, gaya ng lahat ng iba pang kahanga-hangang gawa na likhang-tao, ay nagiging makasiyensiya na. Pinagsisikapan nilang makagawa ng isang makasiyensiyang iglesya, sa pamamagitan ng panghihikayat ng mga larawan at naglalakihang mga tore. At masaklap nito na ang Pentecostal ay napasama na sa pagkasadlak na iyan. Mas mainam pa na dala-dala n’yo ang isang tamburin, diyan sa isang sulok, at nakalukob sa inyo ang Espiritu ng Diyos. Subalit pinipilit n’yong makigaya sa iba pa sa kanila, dahil nagiging denominasyon na kayo. Iyon ang gumawa nito. Kita n’yo? Pinipilit ng mga iglesya na maging makasiyensiya.

<sup>154</sup> At tandaan, habang nakakamit ng tao ang pag-unlad sa pamamagitan ng siyensiya, pinapatay niya ang kanyang sarili araw-araw. Nang makaimbento siya ng pulbura ng baril, tingnan n’yo kung ano ang ginawa nito. Nang maimbento niya

ang sasakyan, mas marami pa itong napapatay kaysa doon sa nagagawa ng pulbura ng baril. Ngayon iginawa na niya ang kanyang sarili ng bombang hydrogen. Ano naman kaya ang gagawin niya diyan? Siyanga.

<sup>155</sup> At gayun din ang iglesya, habang pinipilit nitong magtamo pa sa pamamagitan ng siyensiya, sa pamamagitan ng mga pamamaraan na gawa ng tao, tinatangay kayo nito palayo sa Diyos, at patungo sa kamatayan, nang higit pa kaysa sa dati. Tama 'yan. Huwag ninyong piliin ang inyong iglesya gaya ng pagpili ninyo sa inyong asawa. Kita n'yo? Kamangha-mangha kung ano man ang ginawa sa kanya ng siyensiya, subalit mas mainam na dumistansya na kayo sa inyong iglesya hinggil diyan; gumawa na siya ng mga pinta, mga pulbura, at lahat ng iba pang mga bagay na ito. Pumili sa pamamagitan ng pag-uugali ng Kanyang Salita.

<sup>156</sup> Ngayon hayaang pagkumparahin natin ang natural na nobya ng panahong ito sa naturingang iglesyang nobya kuno ng panahong ito. Ikumpara ang isang babae, na magpapakasal ngayon.

<sup>157</sup> Ngayon, tingnan lang kung ano ang ginawa para sa kanya ng siyensiya. Lumabas siya, una, na putol na ang buhok niya, gaya ng isa sa mga ayos ng buhok nitong si Jacqueline Kennedy, kita n'yo, o parang ganyan. At alam n'yo ba kung ano ang sinasabi ng Biblia? Sa totoo'y binigyan ng Biblia ang isang lalaki, kung gusto niya, ng karapatang idiborsiyo siya, kung gagawin niya 'yan. "Isa siyang babaeng walang dangal, ang magpaputol ng kanyang buhok." Sinabi nga ng Biblia. Tama. Hindi n'yo ba alam iyon? Huh? Oh, oo! Labis na ang ipinapangaral ko sa California para hindi pa ninyo malaman iyon. Siyanga. Oh, oo! Ano ba ang buting maidudulot nito sa akin? Ginagawa pa rin naman nila ito, magkagayunman. Hindi ninyo maaaring kunin ang baboy at palitan ang kanyang pangalan, gawin siyang isang tupa. Pansinin.

<sup>158</sup> Kamumuhian n'yo ako pagkatapos nito, subalit malalaman ninyo ang Katotohanan. Kita n'yo?

<sup>159</sup> Tingnan n'yo. Pagkumparahin natin ito. Narito siyang paparating na punung-puno ng kolorete, isang bagay na hindi siya ganun, isang modernong nobya. Pag hinilamusang ang kanyang mukha, tatakbuhan niya siya, marahil. Papatayin ka sa takot, pag inalis ang lahat ng bagay na iyon sa kanya. At gayun din ang isang iglesyang may isang malaking, pintadong harapan, na isang kumpletong makateologong Max Factor. Uh-huh. Parehong mayroong isang—isang magandang, huwad na mukha sa kanila, gandang gawa ng tao at hindi gandang gawa ng Diyos. Wala ring gaanong pag-uugali sa alinman.

<sup>160</sup> Pansinin, sadyang katulad din ni Satanas, na may sapat upang makapandaya, ikumpara n'yo ang modernong nobya sa

kanya ngayon: nagsusuot ng shorts, naglalagay ng mga kolorete, nagpapaputol ng kanyang buhok, nagsusuot ng mga damit na para bang mga lalaki na, at nakikinig sa isang pastor na nagsabi sa kanyang ayos lang iyon. Isa siyang mandaraya. Pagdudusahan niya ito sa mga dakong kabila. Tama 'yan. Ginagawa iyon upang mandaya, upang maging isa na hindi naman siya ganun.

<sup>161</sup> Ganoon ang ginagawa ng iglesya, kumukuha ng malalaking DD., Ph.D., LL.D. Kaya sasabihin ninyo, "Ang pastor namin ay *ganito, ganoon, at iba pa,*" wala marahil alam tungkol sa Diyos kaysa nalalaman ng isang Hottentot tungkol sa Egyptian night. Tama 'yan. Tama. Isang karanasang pangteologong seminaryo doon, at walang nalalamang anumang tungkol sa Diyos.

<sup>162</sup> Modernong iglesya at ang kanilang koloreteng panteologo, na ang lahat ng kanilang mga kababaihan ay inahitan ang kanilang karangalan, sa pamamagitan ng kanilang isang ricky at isang pastor na mayroon sila, gaya ng isang Jezebel kung mayroon mang isa. Pinutulang mga buhok, mga shorts, mga kolorete, nakaayos lahat base sa isang panlasang makateologo, sa ganoon nakatayo ang iglesya. Tama. Subalit ang kanyang espirituwal na pag-uugali ay malayo sa pagiging tagapagtaguyod ng tahanan na ipaparito ni Jesus Cristo upang tanggapin.

<sup>163</sup> Kung pakakasalan ng isa mang Cristiano ang ganoong babae, ipinapakita nitong nahulog na siya mula sa biyaya. Ang kanyang panlasa patungkol sa Diyos at ang kanyang panlasa patungkol sa tahanan, kung maging ano dapat ang isang tahanan, ay malayo na, kapag pinili niya ang isang babaeng ganoon. Hindi, po. Tiyak na hindi siya tugma sa panlasa ng isang Cristiano. Ang kanyang espirituwal na pag-uugali ay ang pinakamababa, patay na, na nasa makadenominasyong kagandahan at pagnanasa sa sanlibutan.

<sup>164</sup> Diyan eksaktong nakatayo ang iglesya ngayon, ipinagbili na kay Satanas ang kanyang pag-uugaling bigay ng Salita, kapalit ng isang makasiyenyang relihiyon na gawang-tao. Gayong, mayroon siyang karapatan, bilang isang iglesya ng Diyos, na manatili sa Salita ng Diyos at taglayin ang Espiritu Santong kumikilos sa kanila, na inihihinang ang Katawan sa Salita at pag-ibig ng Diyos. Sa halip na ganoon, ipinagbili niya ang kanyang mga karapatang pagkapanganay, gaya ni Esau, at pinili ang denominasyon, hinayaan siyang gawin ito, ang anumang naisin niya, tama, para lamang maging sikat na gaya ng ginawa ng kanyang ina noon sa Nicaea sa Roma. Ang Salita ng Diyos!

<sup>165</sup> Oh, gaanong nakapasok na ito sa ating kalagayang Pentecostal! Napakasaklap nito, subalit nagawa nito.

<sup>166</sup> Pansinin, sandali lamang, ang isang madre sa isang simbahang Katoliko. Ang babaeng iyon, para maging isang madre, at isinusuot na ang panghuling belong iyon, siya'y

lubusang pagmamay-ari na ng simbahang iyon. Siya ay (kaluluwa, katawan, at espiritu) pag-aari na ng simbahang iyon. Wala siyang pag-iisip na sariling kanya. Hindi siya maaaring magkaroon, kapag isinuot na niya ang huling belong iyon, walang pag-iisip na sariling kanya, walang kalooban na sariling kanya. Tingnan dito, na ginagawa silang huwad ni Satanas, gaya ng tunay.

<sup>167</sup> Ang tunay na Iglesia ni Cristo, ang Nobya, ay lubos nang napasa-Kanya at sa Kanyang ipinangakong Salita, hanggang sa ang mismong kaisipan na na kay Cristo ay nasa inyo na. Napakalaking kaibahan!

<sup>168</sup> At nasumpungan natin ngayon, na, ang modernong iglesya, ang isang modernong iglesya sa sanlibutan. Ang modernong iglesya sa sanlibutan at gayun din ang espirituwal na Iglesia ay parehong nagdadalang-tao, upang magsilang ng mga anak na lalaki.

<sup>169</sup> Ang isa sa kanila, sa isang kapanganakang makadenominasyon, ay mangyayari, isa sa araw...sa... mga araw na ito, sa World Council of Churches, na siyang magpapalitaw sa sanlibutan ng anticristo, sa pamamagitan ng isang denominasyon. Iyan ang eksaktong Katotohanan. Maaaring hindi na ako mabuhay upang makita ito. Naniniwala akong makikita ko nga. Ngunit, kayong mga kabataan, tandaang may narinig kayong isang ministrong nagsabi niyan. Mangyayari 'yun sa katapusan. At iyon ay ang tatak ng hayop, kapag binuo na niya ang World Council of Churches. At kanyang isisilang ang kanyang anak na lalaki, ang anticristo.

<sup>170</sup> Ang isa nama'y nagdadalang-tao sa pamamagitan ng Salita ng Diyos at isisilang ang Katawan, ang buo nang Katawan ni Jesus Cristo, na siyang ang Nobya. Hindi pa buo ang Katawan ni Cristo. Ilan ang nakakaalam niyan? Ang lalaki at babae ay isa. At si Cristo ay isang Katawan, ang Salita. Ang Nobya ay kailangang maging ang nalalabi pa sa Katawang iyon. At ang dalawang iyon, na pinagsama, ay binubuong muli ang isang Katawan. Gaya ni Adan noon sa pasimula: ang lalaki, ang kanyang asawa, ay isa. Ngayon, Ito, ang tunay na Nobya, ay lubos na nakapasakop sa Kanya, na hindi Nito ginagamit ang Sarili Nitong kaisipan. Ang Kanyang kaisipan, siyempre, ay ang Kanyang kalooban, at ang Kanyang kalooban ay ang Kanyang Salita.

<sup>171</sup> Ngayon tingnan ang naturingang piniling nobya ng isang lalaki, at ikumpara ang espirituwal sa natural ng panahong ito, na isang modernong Jezebel na nagayuma ng kanyang Ahab, mga gandang Max Factor, lahat na. Tingnan ang iglesya, ganoon din, ngunit isang patutot sa Salita ng buhay na Diyos; naglalakihang mga denominasyon, naglalakihang mga gusali, malaking salapi, malaking sweldo, lahat lubos

nang nakapasakop. Nangakatayong kalalakihan sa pulpito na iminumungkahing ayos lamang iyon, at hinahayaan silang malusutan iyon. Sadyang pandaraya lamang, iyon lang. Isa talagang bulag na Kapanahunan ng Laodicea, sadyang eksakto sa kung ano ang sinabing mangyayari ng Biblia. “Sabi, ‘Ako’y mayaman. Nakaluklok akong gaya ng isang reyna. Hindi ako nangangailangan ng anuman.’ At hindi mo nalalamang ika’y dukha, maralita, bulag, aba, hubad: at hindi ito nalalaman.” Kung hindi ’yan GANITO ANG SABI NG PANGINOON, Apocalipsis 3, hindi ko pa Ito nabasa kailanman. Ganoon nga siya, at hindi ito alam! Isipin n’yo nga ’yan.

<sup>172</sup> Kung sasabihan ninyo ang isang lalaki o isang babae, sa lansangan, na ganap na hubad, at sabihin sa kanilang sila’y hubad, at sasabihin nila, “Pakialaman mo ang sarili mo,” aba, may kakulangan sa pag-iisip doon kung saan man. May kung anong naging problema sa kanilang pag-iisip.

<sup>173</sup> At kapag nababasa ninyo ang Salita ng Diyos, kung paano dapat gumawa ang mga tao, at ang bautismong ito ng Banal na Espiritu na mayroon tayo ngayon, at, ang mga tao, aba, titingnan ka nila na para bang nasisiraan ka na ng bait. Sabihin mo sa kanila: “Kailangan ninyong . . .” Kailangan nilang ipanganak na muli. Kailangan nilang paniwalaan ang Biblia.

<sup>174</sup> Sasabihin nila, “Iyan ay isang kathang-isip lang ng mga Judio, noong maraming taon na ang nakalipas. Nasa iglesya namin ang daan.” Aba, maralita, bulag, hubad, at ni hindi ito alam. Napaka . . . At sinabi ng Biblia na iyon ang kalagayang kinahahantungan nila.

Paano nga ito magagawang lampasang makita ng isang tunay na propeta? Hindi ko alam.

<sup>175</sup> Tinatangay nang lahat papasok sa ating mga iglesya, sa lahat na ng dako. Tingnan lamang ito, sadyang nasa moderno nang kalakaran. “Ang matandang patutot at ang mga anak na babae,” ng Apocalipsis 17, ibinibigay sa mga taong “dukha, bulag, maralita” ang kanyang doktrina ng teologong taliwas sa Salita ng Diyos. “At kanilang nasumpungan sa kanya ang mga kaluluwa ng mga alipin, at ng mga lalaki at mga babae ng—ng lahat ng dako.” Sa halip na hikayatin ang mga tao . . .

<sup>176</sup> Pinagtitibay ni Cristo ang Kanyang Salita, na siyang humihikayat sa mga tao. Hindi Niya hinihikayat ang mga tao sa mga iglesyang nahihikayat ng naglalakihang mga denominasyon at mga naglalakihang gawain, at napakalalaking mga pagkilos at magagarang mga bagay. Kundi hinihikayat ng Salita ng Diyos ang Nobya ni Cristo.

<sup>177</sup> Ngayon pansinin. Interessante na—na pansinin kung paano na—na pinipilit ng iglesyang tawagin ang pansin ng mga tao sa pamamagitan ng magagandang balabal at nabibihisang mga choir, at mga maiiksing buhok na mga kababaihan at

pinturadong mga mukha. At iniisip nila . . . At para itong isang Anghel kung umawit. Nagsisinungaling na parang isang diablo, pagala-gala buong gabi sa isang sayawang tila ba, hindi pinag-iisipan ito. At iyon ang inaakala nila, “Ayos lang ito. Maganda iyan.” Pero, nakita ninyo, iyon ay huwad. Hindi iyon ang Salita ng Diyos.

<sup>178</sup> Samantalang, ang tunay na Nobya’y nakukuha ang pansin ng Diyos, sa pamamagitan ng pagtupad sa Kanyang Salita. Ngayon pansinin. Ngayon pansinin natin si Cristo.

<sup>179</sup> Sasabihin ninyo, “Buweno, ngayon, sandali muna, paano naman ang tungkol dito sa sinasabi mong kagandahan?”

<sup>180</sup> Sinabi ng Biblia, sa Isaias 53:2, na, nang dumating si Jesus, “Siya ay walang kagandahan, na mananais tayo sa Kanya.” Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Walang kagandahan. Kung pumarito Siya sa kagandahang makasanlibutan, gaya ni Satanas ngayon, baka pinagkaguluhan na Siya ng mga tao at tinanggap Siya gaya ng ginagawa nila sa iglesya ngayon. Pinaniwalaan na nila Siya marahil, tinanggap Siya, gaya ng pagtanggap nila kay Satanas ngayon. Tiyak nga, gagawin nila. Ngunit hindi Siya pumarito sa ganoong uri ng kagandahan, kundi pumaparito Siya sa tuwina sa kagandahan ng pag-uugali. Doon, si Cristo ay hindi isang maganda, malaki, malakas, matipunong Lalaki. Ang Diyos ay hindi pumipili ng ganoong uri.

<sup>181</sup> Naalaala kong minsa’y isang propeta ang nagtungo upang—upang kumuha ng isang hari, upang gawing isang hari ang anak ni Jesse, para ipanghalili sa isa pang hari, na si Saul. At kaya inilabas siya ni Jesse, ang kanyang lubhang, malaking, kalugud-lugod na binata. Sabi niya, “Magiging bagay na bagay ang putong, sa kanyang ulo.”

<sup>182</sup> Nagtungo ang propeta upang magbuhos ng langis sa kanya. Sabi niya, “Tinanggihan siya ng Diyos.” At tinanggihan Niya ang bawat isa sa kanila, hanggang sa sumapit siya sa isang lalaking maliit, na dati nang hukot ang balikat, at mamula-mulang anyo. At ibinuhos niya ang langis sa kanya, at sinabi niya, “Pinili siya ng Diyos.” Kita n’yo? Pumipili tayo sa pamamagitan ng paningin. Pumipili ang Diyos sa pamamagitan ng pag-uugali.

<sup>183</sup> Pag-uugali, hindi pa kailanman nagkaroon ng isang pag-uugaling tulad ng kay Jesus Cristo. Nananahan ito sa inyo at inihahayag Siya. Nakikita nating ito’y totoo. Hindi makasanlibutang kagandahan Niya ang nakakahikayat sa Kanyang Nobya. Iyon ay ang pag-uugali Niya, ang pag-uugali ng Iglesya, na siyang hinahanap ni Jesus; hindi kung saan ito’y naglalakihang mga gusali, kung saan ito’y mga bigating denominasyon, kung saan ito’y paramihan ng mga miyembro. Ipinangako Niyang makikipagtagpo sa kung saan man may dalawa o tatlong nagkakatipon. Tunay nga. Diyan inilalagak ng

tunay na mananampalataya ang kanyang mga pag-asa, ay diyan sa Salita ng Diyos na pinagtitibay sa Katotohanan, ay kung ano nga. Pumipili sa pamamagitan ng Kanyang Salita, hindi sa isang grupong maibigin sa sanlibutan. Ito'y kinamumuhian nila.

<sup>184</sup> Hindi kataka-takang inihiwalay siya sa Kanya, dahil hindi niya nakuha ang Kanyang kapahayagan, at wala siya nito. Wala Siyang pakialam sa kanya, sa kung paano siya kumilos at gumawa, at kung gaano man karami ang taglay niyang makasanlibutang mga bagay na ito.

<sup>185</sup> Ang hinahanap Niya ay ang pag-uugali ng babae, ang pag-uugali ni Cristo. Ngayon, sandali lamang ngayon. Iyon na. Pumipili Siya ng isang Nobya upang ipakita ang Kanyang pag-uugali, na kung saan ang modernong mga iglesya ay tiyak na hindi nakikita ang Kanyang—Kanyang programa dito, nang isang milyong milya ang layo, dahil kanila *Itong* tinatanghian bilang siyang Katotohanan. Kaya paano ito mangyayari? Ngayon, Siya'y naghihintay sa araw na iyon kung kailan mahuhubog na ang Nobyang iyon, Mga Hebreo 13:8, sadyang katulad na katulad Nito, katulad Niya. Kinakailangan itong maging siya ring laman Niya, siya ring mga buto, siya ring Espiritu, siya ring lahat-lahat na, na sadyang nahubog nang eksakto, at ang dalawang iyon kung gayon ay nagiging isa. Hanggang sa ang iglesya'y maging ganoon muna, hindi pa sila isa. Ang pag-uugali Niya, ang Salita, para sa kapanahunang ito, ay kinakailangang mahubog. Kinakailangan siyang mahubog na gaya Niya.

<sup>186</sup> Ngayon, sa pagtatapos, gusto kong sabihin ang dahilan kaya sinabi ko ang mga bagay na ito, at ako'y—ako'y magtatapos na. Noong isang gabi, mga bandang alas-tres ng umaga, ay nagising ako.

<sup>187</sup> Hinahamon ko ang sinuman sa inyo na sagutin ito. Nagsabi na ba ako sa inyo ng anuman sa Pangalan ng Panginoon kundi kung ano lang ang tama? Tama ito sa tuwina. [Sinababi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Kaya tulungan nawa ako, nalalaman ng Diyos na totoo 'yan. Walang isa man, saan man sa mundo, sa lahat ng libu-libong mga bagay na nasabi na, na pumalya Siya kailanman ng isang salita nito. Lagi nang sakdal na nangyayari.

<sup>188</sup> Maging noong ako ay nasa Phoenix, noong isang araw, o mga isang taon na ito, at sinabi sa inyo ang Mensaheng iyon tungkol sa—sa *Anong Oras Na Ito, Mga Ginoo?* At sinabi sa inyo na, “Pitong Anghel ang makikipagtagpo roon,” at magiging siyang pagbubukas ng Mga Selyo na ito, at kung ano pa. At doon ang—ang *Life* magasin na naglathala ng artikulo nito, itong malaking Apoy na pumapaitaas noon sa alapaap, nang tatlumpung milya ang taas, dalawampu't pitong milya pahalang. Sinabi nilang hindi nila malaman kung ano ito; hindi pa nila



alam. At ang mga kalalakihang nakaupo dito ngayon sa gusaling ito ngayong gabi, ay nakatayo roong kasama ko nang mangyari ito, sadyang tamang-tama sa kung ano ang sinabi Nito. Sinabi Niya sa akin ang mga bagay na mangyayari, at sadyang nangyari nang tamang-tama. Kung paanong ang bawat isa sa mga Selyo na iyon ay nabuksan, at sinabi ang mga hiwaga na natago sa mga kapanahunang iyon ng mga repormista at iba pa, nang sadyang sakdal.

<sup>189</sup> Kung paanong, nakatayo ako doon sa ituktok ng burol noon, may mga kalalakihan, tatlo o apat sa kanila ang nakatayo noon na nandito ngayon mismo, oo, higit pa roon. Sa pag-akyat ko sa burol, ay sinabi ng Espiritu Santo, “Damputin mo ang batong iyan.” Nangangaso kami noon. Sabi Niya, “Ihagis mo ito sa ere, at sabihing, ‘GANITO ANG SABI NG PANGINOON.’” Ginawa ko nga. Sa ibaba mula doo’y lumabas ang isang munting balisungsong ng hangin. Sabi ko, “Sa loob ng dalawampu’t apat na oras, makikita ninyo ang kamay ng Diyos.” Mga kalalakihan mismong nangakaupo rito ngayon.

<sup>190</sup> Nang sumunod na araw, mga bandang alas-diyes, habang nakatayo roon, sabi ko, “Maghanda kayo. Magtago kayo doon sa ilalim ng sasakyan,” isang beterano. Sabi ko, “May bagay na napipintong mangyari.” Maaliwalas noon ang langit, doon sa itaas ng malaking bangin. Pababang dumating ang isang ipuipong Apoy mula sa Langit, sadyang ganun kalakas ang ugong Nito, tinamaan ang mga pader nang paganoon. Ako—nakatayo ako mismo sa ibaba Nito. Inalis ko ang aking sumbrero, tumingala ako. Dumating ito nang mga tatlo o apat na talampakan sa itaas ko, at inukaan ang pader na iyon nang paganoon, at nagpasabog. At bumalik paitaas sa ere, at muling umikot, at bumaba, nang tatlong beses, natagpas maging ang mga tuktok ng mga matutulis na palumpong, na umabot sa layong dalawang daang yarda. Narinig ninyong sinasabi ng mga lalaking iyan ang, “Amen”? Nandoon sila nang mangyari ito, kita n’yo, at gumawa ng tatlong pagsabog.

<sup>191</sup> Nang lumabas sila mula sa ilalim ng mga sasakyan at lahat na, muling bumalik, sabi, “Tatamaan ka niyon, wala sanang dakong madulas.”

<sup>192</sup> Sabi ko, “Ito ay—Siya Iyon. Kausap Niya ako.” Nangungusap ang Diyos sa pamamagitan ng ipuipo. Kita n’yo? At naroon ang siya ring Haliging Apoy na iyon na nakikita ninyo sa litrato, na naroroon.

At nang pumaitaas Ito, sinabi nila, “Ano iyon?”

Sabi ko, “Tatama ang Paghatol sa West Coast.”

<sup>193</sup> Ikalawang araw mula noon, halos lumubog ang Alaska. Kita n’yo? Tinamaan na itong minsan, noon, ang unang pagsabog.

<sup>194</sup> Kung saan, kailangan ninyong gawin ang isang bagay, upang isagisag ito. Gaya ng isang lalaking naglagay ng ilang asin sa

isang banga, at isinaboy ito sa tubig, at sinabi, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON, magkaroon ng matamis na tubig.” At ang isa pa, kumuha si Jesus ng tubig at ibinuhos ito sa isang tapayan, at—at gumawa ng alak mula rito.

<sup>195</sup> Kinakailangan ninyong magkaroon ng isang bagay, upang sumagisag. Iyon nga kung ano iyon, na pumaitaas sa alapaap at bumaba. Iyon ang nagpasimula ng munting ipuipong iyon. Sa loob ng dalawampu’t apat na oras, niyanig Nito ang bundok na iyon hanggang sa matapyas ang isang tagaytay sa palibot nito.

<sup>196</sup> Si G. Reb. Blair na nakaupo rito, nakatingin ako mismo sa kanya ngayon, naroon siya noon at pinulot ang ilan sa mga piraso nito, at iba pa. Narito si Terry Sothmann, sila, at mga naririto, at si Billy Paul. At mga kapatirang lalaki, ang ilan sa marami pa sa mga itong nangakaupo rito, ang naroon mismo upang makita itong mangyari noong inuka Nito ito.

<sup>197</sup> Hindi ’yan kathang-isip. Iyan ang katotohanan. Iyon ay hindi noong mga panahon ng Biblia. Ngayon ’yan. Kita n’yo? [Sinababi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ang siya ring Diyos na iyon na laging nagpapakita sa akin ng mga bagay na ito, at nangyari ang mga iyon, nang talagang eksaktong-eksakto. Hindi nabigo ang mga iyon ni minsan man. Ipinagmamalaki ko Siya ngayon.

<sup>198</sup> Ilang linggo na ang nakakaraan, ako’y nasa isang pangitain. At nakatayo ako sa isang—isang mataas na dako, at tutunghayan ko na noon ang unang pakita ng Iglesya. At napansin ko, paparating mula sa aking. . .Nakatayo akong mas malamang nang *paganito*, na nakaharap sa Kanluran. At paparating sa gawing *ito* ay ang kaibig-ibig na pangkat ng mga kababaihan, talagang kalugud-lugod na kasuotan, mahahabang buhok na maganda ang pagkakaayos sa likuran, mga manggas, at mga paldang nakaladlad nang maayos. At lahat sila’y nasa isang tugtog na pangmartsa, parang, “Onward, Christian soldiers, marching as to war, with the cross of Jesus going on before.” At habang paparaan sila, nakatayo ako, at may kung Ano doon, isang Espiritu, ang Diyos, at sabi, “Hayan ang Nobya.” At tumingin ako, at ang saya ng puso ko. At lumakad siya nang *paganitong* direksyon, at nagdaan palampas sa likuran ko.

<sup>199</sup> Makaraan ang ilang sandali, nang pabalik na siya sa gawing *ito*, sabi Nito, “Ngayon ang modernong iglesya na ang ipapakita.” At naritong paparating ang iglesyang Asyano. Hindi pa ako nakakita ng ganoon karuming pangkat.

<sup>200</sup> Narito pang paparating ang ibang iglesya, mula sa iba’t ibang bansa. Kahindik-hindik silang tingnan.

<sup>201</sup> At ako—sinababi ko ito dahil nakatalaga ako sa tungkulin na sabihin ang katotohanan, sa harap ng Diyos. At nang sabihin Niya, “Narito nang paparating ang iglesya ng Amerika ngayon, upang ipakita.” Kung nakakita man ako ng isang pangkat ng mga diablo, ito na iyon. Nakahubad ang mga babaeng iyon, na

may isang lumang parang abuhing bagay, gaya ng kulay ng balat ng elepante. At hawak-hawak nila ito sa kanilang harapan, na wala man lang pang-itaas na bahagi dito. At ginagawa nila ang ganitong uri ng bagay, na, ganitong mga—ganitong mga sayaw na ginagawa ng mga kabataang ito dito, 'yung mga paggiling at kung anu-ano pa, at ganoong uri ng musika na tumutugtog. At nang makita ko si Binibining U.S.A. na paparating, halos himatayin na ako.

<sup>202</sup> Ngayon, ito ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kung naniniwala kayong lingkod ako ng Diyos, paniwalaan n'yo na ako ngayon. Hindi ko 'yan sasabihin nang para sa walang anumang kabuluhan. Walang sapat na salapi sa buong mundo ang makagagawa sa aking sabihin iyon kung hindi iyon totoo.

<sup>203</sup> At nang dumaan siya, iyon ang pinaka karumal-dumal tingnan na bagay na nakita ko. Sa loob-loob ko, "Diyos, sa labis na pagsisikap ng mga mangangaral at naming mga kapatid na lalaki sa pagpapagal para ikuha Ka ng isang Nobya, at iyon lang ang pinakamabuting magagawa namin." Gumigiling-giling siyang, hawak-hawak *ito* sa kanyang harapan, gaya ng isa sa mga hula na paldang ito ng kung anong bagay, na hawak-hawak ito sa harapan ng kanyang mga bahagi, ng kanyang ibabang bahagi, nang *paganito*, sumasayaw at gumigiling na gaya ng ginagawa ng mga kabataang ito dito sa . . . sa mga bulgar na mga palabas na ito na mayroon sila, na gumigiling-giling. Iyon si Binibining Cristianismo ng Amerika.

<sup>204</sup> Kaya tulungan nawa ako, sa pamamagitan ng tulong ng Diyos, ganoon ang itsura nito sa Kanyang harapan. Ako—ako lamang. . . Nagsimula akong. . .baka hinimatay na ako. Sa loob-loob ko, "Sa kabila ng lahat ng pagsisikap, at ng pangangaral, at ng panghihikayat?" Putol ang buhok ng bawat isa sa kanila, at sila'y nagsisigiling at kung anu-anong pinaggagagawa, na hawak-hawak *ito* sa harapan. Palapit sila, kung saan ako nakatayo roong kasama itong supernatural na Nilalang. Hindi ko Siya makita. Naririnig ko Siyang nagsasalita sa akin; nasa paligid ko mismo. Subalit nang pumihit sila sa gawing *ito*, hawak-hawak nila *ito*. At sadyang nagsisigiling at nagsisipagtawanan at nagpapatuloy, nangatatangay nang ganoon, na hawak-hawak *ito* sa harapan nila.

<sup>205</sup> Ngayon, ako'y nakatayo sa Kanyang Presensiya roon, at Kanyang lingkod. "At sa lahat ng aking pinagsikapan, iyon ba ang pinakamabuting nagawa ko?" Sa loob-loob ko, "Diyos, ano'ng buting nagawa nito sa akin? Ano'ng buting nagawa nito? Lahat na ng pagluha, at pagmamakaawa, at panghihikayat, at ng dakilang mga tanda at mga kababalaghan at mga himala na Iyong ipinakita. At kung paano akong tumayo roon, at umuwi at umiyak matapos ang pangangaral sa mga iyon at mga ganung bagay, at ano'ng buting nagawa nito sa akin? At pagkatapos ay

ihaharap ko ang isang bagay na ganoon para sa Iyo, bilang isang Nobya?”

<sup>206</sup> At habang nakatayo ako roon, na nakatingin, ay dumaan siya. At makikini-kinita n'yo na ang likurang bahagi niya, na walang anumang suot, na hawak-hawak *ito* sa kanyang harapan habang siya'y nagdaraang sumasayaw nang pakendeng-kendeng, nang paganoon, sa paggiling na ito, na inihahagis ang kanyang katawang paganoon. At, ang kanyang, oh, napakahalay nito, kung paano siyang nagwawala, na umiindak-indak ang kanyang katawan nang paganoon. Ngayon ako . . .

<sup>207</sup> Sasabihin mo, “Ano kayang kahulugan niyon, Kapatid na Branham?” Hindi ko alam. Sinasabi ko lamang sa inyo kung ano ang nakita ko.

<sup>208</sup> At nang dumaan siya nang paganoon, tiningnan ko siya. Oh, ako'y sadya talagang nanlupaypay. Tumalikod na lamang ako. Naisip ko, “Diyos, hinatulan na ako. Hindi—hindi ko na kailangang magsumikap pa ngayon. Mainam pang tumigil na lamang.”

<sup>209</sup> Gng. Carl Williams, kung naririto ka, at ang panaginip na iyon na sinabi mo sa akin, kamakailan, na napanaginipan mo noong isang gabi, na bumabagabag sa iyo, hayan na iyon. Kinuha na mula sa aking kamay ang manibela.

<sup>210</sup> Pagkatapos, sa loob-loob ko lang, “Ako—mainam pang kalimutan ko na lamang ito.” Wala na ako.

<sup>211</sup> Pagkatapos, bigla-bigla, narinig ko Itong muli na paparating. At mula sa gawing *ito* ay paparating ang siya ring Nobya na dumaan sa dakong *ito*. Narito na namang muli ang mga munting binibining iyon, at bawat isa sa kanila'y nakasuot ng kanilang pambansang kasuotan mula sa kung saan sila nagmula, gaya ng Switzerland, Germany, at iba pa, bawat isa'y nakasuot ng gayong uri ng kasuotan, lahat ay mahaba ang buhok, na sadyang tulad ng nauna. At narito silang paparating, naglalakad. “Onward, Christian soldiers, marching as to war.” At nang dumaan na sila sa may harapan ng dakong pinagpapakitaan kung saan kami nakatayo noon, bigla na lang kaagad, natuon ang bawat mata sa gawing iyon. At pagkatapos ay bumalik na sila, at nagpatuloy sila, na nagmamartsa.

<sup>212</sup> At habang sila ay nagsisimula nang pumaitaas sa kalangitan, ang isang ito'y nagtungo paakyat sa isang gilid ng isang burol at bumaba, nang *paganoon*.

<sup>213</sup> Nagsimula namang magmartsa ang mga ito paakyat sa kalangitan. At nang nagmamartsa na sila, napansin ko ang ilang munting mga kabataang babae sa hulihan, para bang maaaring mga taga-ibang bayan na babae, parang Sweden o Switzerland, o kung saan. Nagsimula silang luminga-linga, at na- . . . Sabi ko, “Huwag n'yong gawin 'yan! Huwag kayong umalis sa linyang 'yan!” At habang sumisigaw ako nang ganyan, nagkamalay na

ako, mula sa pangitain, na nakatayo roong nakataas ang aking kamay nang *paganyan*. Naisip ko, “Buweno . . .”

214 Iyon ang dahilan kaya sinabi ko kung ano ang kailangan kong sabihin, sa gabing ito. Gusto kong magtanong sa inyo ng isang katanungan. Mas huli na kaya ito kaysa inaakala natin? Maaari kayang natawag na Siya at napili na, naselyuhan na? Wala nang magiging isa pa, alam n’yo. Maaari nga kaya ito? Oh, siyanga. Oh, siyanga.

215 Alalahanin ang sinabi ko, noong isang araw sa agahan. Sa bulo ng paglalahi ng lalaki at babae, may isang milyong binhing lumalabas, milyong itlog na lumalabas. Subalit mayroon lamang isa sa kanila na mabubuhay, at, gayun pa man, sadyang magkakatulad ang bawat isa sa kanila: isa mula sa isang milyon. Ang bawat isa sa kanila, ang siya ring itlog at iisang uri ng binhi. Isa sa mga iyon ang mabubuhay. Ang iba pa roo’y mamamatay na.

216 Walang makapagsasabi kung alin ang isang hinog na itlog, at, oh, ano’ng tungkol dito. Ang Diyos ang kailangang magpasya niyan, kung ito ba ay magiging isang lalaki o babae, blond o brunette, o kung magiging ano pa man ito. Ang Diyos ang nagpapasya diyan. Hindi ang unang magtagpo, kundi ang unang mapagpasyahan ng Diyos. Maaaring *dito* manggaling ang isa, at ang isa . . . Kung napansin na ninyo, sa test tube, ang makita silang magkatagpo. Napagmasdan ko na ito. Ang Diyos ang kailangang magpasya diyan. Ang isa, ang bawat isa sa mga iyon, sadyang magkakatulad, ngunit sa pamamagitan ng paghirang. Ang kapanganakang natural ay sa pamamagitan ng paghirang. Kumukuha ang Diyos ng isa mula sa isang milyon.

217 Nang lisanin ng Israel ang Egipto, sa kanilang daan patungo sa lupang pangako, sila’y nasa humigit-kumulang dalawang milyong katao. Nasa ilalim ng haing kordero ang bawat isa sa kanila, o hindi na sana sila nabuhay. Nakinig ang bawat isa sa kanila kay Moises, na propeta. Nabautismuhan sa kanya ang bawat isa sa kanila, sa Dagat na Pula. Nagsayaw ang bawat isa sa kanila, ang mga kababaihan kasama ni Miriam, nang pabalik-balik sa gilid ng (noong) baybayin, noong puksain ng Diyos ang kaaway. Tumayo ang bawat isa sa kanilang kasama ni Moises, at narinig siyang umaawit sa Espiritu. Sila, bawat isa, ay kumain ng manna mula sa ilang, na nahulog mula sa Langit. Bagong manna, bawat gabi, na isang tipo ng Mensahe, ang bawat isa sa kanila’y kumain mula rito. Subalit, mula sa dalawang milyon, ilan ang nakarating doon? Dalawa. Isa mula sa isang milyon.

218 Mayroong humigit-kumulang limandaang milyong Cristiano sa mundo ngayong gabi, na kasama sa bilang ang mga Katoliko at lahat na. Limandaang milyong naturingang mga mananampalataya sa mundo. Kung darating ang Pag-agaw sa gabing ito, iyon ay mangangahulugang . . .kung isa mula sa

isang milyon ang bilang. Hindi ko sinasabing gayon nga. Pero kung ganun nga, limandaang katao, sa susunod na dalawampu't apat na oras, ang mawawala. Ni hindi ninyo mababalitaan ang tungkol dito. Magkakaroon ng ganoon karaming nawawala, ano't ano man, na ni hindi nga maipaliwanag.

<sup>219</sup> Kung gayon maaari ito, na mangyari sa atin, kaibigan, gaya ng nangyari noong dumating si Juan Bautista. Sinabi maging ng mga alagad, “Bakit sinasabi ng Mga Kasulatan, bakit ang—ang mga apostol o ang mga propeta’y nagsasabing, bakit sinasabi nito na mauuna munang dumating si Elias at ipanunumbalik ang lahat ng mga bagay?”

<sup>220</sup> Sinabi Niya, “Sinasabi Ko sa inyo na dumating na si Elias, at hindi ninyo ito nalaman.”

<sup>221</sup> Isa sa mga araw na ito’y maaari tayong maiwang nakaupo dito, “Paano naman ang tungkol sa Pag-agaw bago dumating ang kapighatian?”

“Dumating na ito at hindi ninyo ito nalaman.”

<sup>222</sup> Ang buong Katawan, ay papasok nang naselyuhan, pinananatili na lamang Ito sa paghakbang. Hindi ko sinasabing ito’y sa gayong paraan nga. Sana’y hindi pa nga ito ganoon. Pero, kaibigan, kapag hinayaan nitong . . .

<sup>223</sup> Kung mayroon tayong nadarama sa ating puso, ngayong gabi, na dapat nating ituwid ang ating mga buhay, at ang mga bagay na nagawa natin, hayaang payuhan ko kayo, bilang isang kapatid na ministro. Sasabihin ko ito sa aking unang pagkakataon, dito sa pulpito. Higit kong pinagdiinan sa gabing ito, ang tungkol *Dito*, kaysa sa ginawa ko sa alin pa mang bagay, sa alinmang pagkakataon, ganun pa man, sa harap ng publiko, dahil nagkaroon ako ng isang lubos na kalayaan sa mga pagtitipong ito. Kung naniniwala kayong propeta ako ng Diyos, makinig kayo sa sinabi ko sa inyo. Kung mayroong isang munting kudlit ng pakiramdam sa puso ninyo, lumapit na kayo sa Diyos ngayon na mismo. Gawin n’yo ’yon.

<sup>224</sup> Huminto lamang sandali, mga kalalakihan. Tingnan n’yo ang inyong—inyong mga kredong pinaglilingkuran ninyo. Tumingin sa inyong mga iglesya. Talaga bang tamang-tama iyon sa Salita ng Diyos? Natugunan ba ninyo ang bawat katangiang kailangan? Sabihin man, “Isa akong mabuting tao.” Ganoon din si Nicodemo, at ganoon din lahat ang iba pa. Sila—mabuti naman sila. Kita n’yo? Wala iyong anumang kinalaman Dito.

<sup>225</sup> At, mga kababaihan, gusto kong magsitingin kayo sa salamin, at tingnan kung ano ang ipinapagawa ng Diyos sa isang babae. At tingnan sa salamin ng Diyos, hindi sa salamin ng inyong iglesya ngayon, sa salamin ng Diyos; at tingnan kung nasa inyo nga ang katangiang kailangan, batay sa inyong buhay, bilang Espirituwal na Nobya ni Jesus Cristo.

226 Mga ministro, mag-isip ng gayun din. May inaalís ba kayong mga bahagi *rito*, para lang maiwasang saktan ang damdamin ng kung sino man diyan? Gagawin n'yo ba ang *ganito* kung hindi . . . at na ititiwalag nila kayo sa iglesya? Kung ganoon ang nadarama ninyo, mahal kong kapatid, hayaang babalaan ko kayo, sa Pangalan ni Jesus Cristo, iwaksi na iyan ngayon mismo.

227 At, binibini, kung hindi ka makakasukat sa katangian ng isang Cristiano, hindi bilang isang Cristianong naturingan lamang; kundi sa puso mo, at ang buhay mo'y talagang tumutugma sa katibayan ng kasal ng Diyos dito na sinasabi nitong kinakailangan.

228 At, miyembro ng iglesya, kung hindi ganoon ang iyong iglesya, na nakasukat sa katangiang kailangan ng Diyos sa Kanyang Salita, lumabas na rito at pumasok kay Cristo.

229 Iya'y isang tapat na babala. Hindi natin alam kung anong oras, at hindi ninyo alam kung anong oras, na ang siyudad na ito isang araw ay mahihimlay na dito sa ilalim nitong karagatan.

230 "Oh, Capernaum," sabi ni Jesus, "ikaw na nagmataas sa kalangitan, ay ibababa sa impiyerno. Sapagkat, kung ang makapangyarihang mga gawa ay nagawa sa Sodoma at Gomorra, nakatayo pa marahil ito magpahanggang sa ngayon." At ang Sodoma, Gomorra ay nakahimlay na sa ilalim ng Dead Sea. At ang Capernaum ay nasa ilalim na ng dagat.

231 Ikaw na lungsod, na nagsasabing lungsod ng Mga Anghel, na nagtaas sa iyong sarili sa kalangitan, at dinala ang lahat ng maruruming, karumal-dumal na mga bagay ng mga moda at mga ganung bagay, hanggang sa maging ang mga banyagang bansa'y nagsisiparito na para pulutin ang ating dumi at dalhin ito, ang inyong magagarang mga iglesya at mga kampanaryo, at kung anu-ano pa, na mga ginagawa ninyo. Tandaan n'yo, isang araw kayo'y mahihimlay sa ilalim ng dagat, nasa ilalim na ninyo mismo ngayon ang inyong malaking guwang. Ang poot ng Diyos ay umuusok na sa mismong ilalim ninyo. Gaano pa kaya katagal Niya pananatilihin ang harang na buhanging nasa itaas ng dakong iyon? Kapag, ang karagatang iyon doon, na isang milya ang lalim, ay dadausdos doon, nang tuluy-tuloy pabalik sa Dagat Salton. Ito'y magiging higit na malala kaysa noong huling araw ng Pompeii. Magsisi, Los Angeles.

232 Magsipagsisi, ang iba pa sa inyo, at manumbalik sa Diyos. Ang oras ng Kanyang poot ay nasa ibabaw ng mundo. Magsitakas na habang may panahon pang tumakas, at lumapit kay Cristo.

Manalangin tayo.

233 Minamahal na Diyos, kapag, sa aking espiritu, ay nangangatal, ang puso ko'y naglalabas ng mga luha ng babala. Ipagkaloob, O Diyos, na ang naturang mga kalalakihan at kababaihan ay huwag isiping isang biro ang aking sinabi, at

huwag itong isipin ng mga taga-iglesya bilang isang bagay na di-makatwirang pagpapalagay o na laban sa kanila. Nawa'y makita nila, Panginoon, na ito'y dahil sa pag-ibig.

<sup>234</sup> Ikaw po ang nagpapatotoo para sa akin, Makapangyarihang Diyos, na nagpabalik-balik na ako rito sa baybaying ito, taun-taon, na ipinahahayag ang Iyong Salita. Patotohanan Mo po ako, O Diyos, kung ito'y mangyayari sa gabing ito, na sinabi ko ang Katotohanan. Nalalaman Mo pong ang pangitaing ito tungkol sa Nobya ay ang Katotohanan. Ginamit ko po ang Iyong Pangalan dito, Panginoon, at sinabing ito'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. At nadarama ko na ako'y may kamalayan, Panginoon, sa kung ano ang aking ginagawa.

<sup>235</sup> Kaya dalangin ko sa Iyo, Panginoon, sa Pangalan ni Jesus, na hayaang gisingin ng mga tao ang kanilang mga sarili, ngayong gabi, at magsitakas mula sa poot na darating, sapagkat ang Ichabod ay nakasulat na sa mga pintuan at sa lahat ng mga bansa. Isang itim na check mark ang lumitaw dito. Napighating umalis na rito ang Espiritu ng Diyos, at sila'y tinimbang sa mga timbangan at nasumpungang kulang. Muli na namang naulit ang pista ni Haring Nebuchadnezzar, na may mga paglalasingang kasayahan at halos walang saplot na mga kababaihan, na tinatawag na mga Cristiano ang kanilang mga sarili.

<sup>236</sup> O Diyos ng Kalangitan, kahabagan ang isang mundong makasalanan at mga taong makasalanan, Panginoon, na gaya namin ngayong gabi. Diyos, sinisikap kong tumayo sa pagitan at humiling ng Banal na kahabagan, na Ikaw po'y mangusap sa grupo ng mga taong ito ngayong gabi at papaghandain na ang Iyong Nobya, Panginoon, upang magmartsa hindi sa pamamagitan ng tanda ng kung anumang kredo, kundi sa pamamagitan ng tunog ng Ebanghelyo ng Panginoong Jesus Cristo. Ipagkaloob po ito, O Diyos. Hayaang mahayag, sa gabing ito, na Ikaw ang Diyos, at ang Iyong Salita ay Katotohanan. Habang, mataimtim, sa harapan ng mga taong ito, ay tinatawag namin ang kanilang pansin tungo sa Iyong Salita.

<sup>237</sup> Sa Pangalan ni Jesus Cristo, dumadalangin po ako para sa kanila, Panginoon. Nakita Ka na nila, nang walang kadudaduda, na kumilos sa gitna ng mga grupo nilang mga tao at sabihin sa kanila kung ano ang nasa kanilang puso. At Ikaw po ang nakababatid, Panginoon, na, ngayon mismo, kung ano ang nagaganap. Nababatid Mo pong iyon ang Katotohanan, O Diyos. At dalangin ko po sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus, nawa'y hayaang muling mamagitan ang Espiritu Santo, Panginoon, at hatakin mula rito sa mga nagsidalo, Panginoon, yaong mga nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Kordero. Ipagkaloob po ito, O Diyos. Dalangin ko nang buong puso ko.

<sup>238</sup> Ang mga taong ito, mangyari pa, Panginoon, ay ibibigay sa akin ang huling pera na mayroon sila, upang suportahan ang



Mensahe. Gagawin nila ang anumang bagay na makakaya nila. Subalit, O Diyos, pagdating naman sa pag-ayon Rito, at ang paglapit Dito, dalangin ko, Diyos, na ito na ang gabi na Iyong gagantimpalaan sila at ibubuhos ang Iyong Espiritu Santo sa kumbensiyong ito. At wala nawang maging isang katuwaan o paglulundagan, kundi pananangis at pag-iyak, at pagsisisi, na nakahawak sa mga sungay ng altar, habang aming nakikita ang mga kahatulang gumugulong sa ilalim namin, ngayong gabi. Ipagkaloob ito, Diyos. Dalangin ko sa pinakamataimtim na paraang aking nalalaman, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

<sup>239</sup> Kapatid kong lalaki, kapatid na babae, ako—hindi ko na alam kung ano pa ang sasabihin, kung nakasumpong ako ng biyaya sa inyong paningin, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, kung naniniwala kayo sa akin bilang Kanyang propeta. Ito ang kauna-unahang pagkakataon sa publiko na sinabi ko iyon. Subalit nakadarama ako ng isang kakaibang babala ng kung ano. Hindi ko gawi ang ganito. Alam ninyong hindi. Hindi ako kumikilos nang ganito. Nag-atubili akong ipangusap ang Mensaheng iyon at sabihin ang mga bagay na iyon. Gumigilid-gilid na ako't lahat na, para maiwasang gawin iyon. Subalit nasabi na Ito, at Ito'y tatayo sa Araw ng Paghuhukom, bilang isang patotoo na sinabi ko ang Katotohanan. Iya'y GANITO ANG SABI NG PANGINOONG DIYOS! . . . ? . . .

<sup>240</sup> Oh, Pentecost, magsitakas kayo para mabuhay. Magsitakas kayo patungo sa mga sungay ng altar at magsitangis, bago pa mahuli ang lahat, sapagkat darating ang oras na magagawa ninyong magsitangis at wala nang buti pang maidudulot ito. Sapagkat nagsikap si Esau na masumpungan ang dako, ng kanyang pagkapananganay, at hindi na iyon masumpungan. Ipinagkakatiwala kita, oh, California. Oh, kumbensiyon ng Full Gospel Business Men, na minamahal ko, na aking iniwan at pinakisamahan, nang buong puso ko, ipinagkakatiwala ko kayo kay Jesus Cristo, ngayong gabi. Magsitakas kayo patungo sa Kanya! Huwag nang hayaan pang palamigin kayo ng Diablo mula Rito. Manatili lamang kayo Rito hanggang sa kayo'y, bawat isa, ay mapuspos ng Banal na Espiritu, na anopa't, magpapalapit sa inyo sa Salitang ito, na magtutuwid sa inyong mga kababaihan, na magtutuwid sa inyong mga kalalakihan. Kung sinasabi ninyong mayroon kayong Banal na Espiritu, at hindi aayon sa Salita, ito'y ibang espiritu na nasa inyo. Ang Espiritu ng Diyos ay nasa Kanyang Salita, ang pagka-Mesiyas, ang pinahirang Salita. Ang Nobya ay marapat na maging isang munting-Mesiyas, ang pinahirang Salita.


<sup>241</sup> Magsitayo tayo, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Kung hindi na ninyo muli pang marinig ang aking tinig. . . Ngunit, kung loloobin ng Diyos, ako'y paroroon sa Africa, sa loob ng ilang oras. Maaaring hindi na ako makabalik pa. Hindi ko alam. Ngunit sinasabi ko sa inyo, nang buong puso ko,

sinabi ko na sa inyo ang Katotohanan. Hindi ako nag-atubiling ipahayag sa inyo ang lahat ng sinabi sa akin ng Diyos na sabihin. At sinabi ko Ito sa Pangalan ng Panginoon.

<sup>242</sup> Isa itong mataimtim na sandali. Hindi ko alam kung papaano ito ipahahayag. Sinubukan kong lisanin ang pulpito nang tatlo o apat na beses na, at hindi ko iyon magawa. Isa itong mataimtim na oras. Huwag na huwag ninyo itong kalilimutan. Ito ang oras na, marahil, baka ginagawa na ng Diyos ang Kanyang huling pagtawag. Hindi ko alam. Gagawin Niya ang Kanyang huling pagtawag, balang araw. Kailan? Hindi ko alam. Pero sinasabi ko sa inyo, ayon sa pangitaing iyon, ito'y tila ba 'yung Nobyang iyon ay ganap na.

<sup>243</sup> Tingnan n'yo ang mga naturingang iglesya na nagsisidating. Nang ang natutulog na birhen ay dumating para sa Langis, nabigo siyang makuha Ito. Pumasok na ang Nobya. Pumaitaas na ang Pag-agaw. "Habang sila'y nagsiyaon upang bumili ng Langis, dumating ang Kasintahang Lalaki."

<sup>244</sup> Natutulog ba kayo? Magsigising kayo, agad, at matauhan kayo. At tayo'y manalangin, ang bawat isa, na para bang nag-aagaw-buhay na tayo sa sandaling ito, sa Pangalan ng Panginoon. Tayo nang, bawat isa, magsipanalangin sa inyong sariling paraan.

<sup>245</sup> Diyos na Makapangyarihan sa lahat, mahabag Ka po sa amin. Panginoon, mahabag Ka po sa akin. Mahabag Ka po sa aming lahat. Ano'ng buting magagawa nito, kahit ano pa ang aming gawin, kung kami'y mabigo sa mga bagay na ito? Tumatayo po ako at humihingi ng kahabagan, O Diyos, bago lumubog ang dakilang lungsod na ito sa ilalim ng dagat at ang mga kahatulan ng Diyos ay hahagupit na sa baybaying ito. Dalangin ko po, Diyos, na Iyong tatawagin ang Iyong Nobya. Ipinagkakatiwala ko na po sila sa Iyo ngayon, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen. 

*ANG PAGPILI NG ISANG NOBYA* TAG65-0429E

(The Choosing Of A Bride)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Huwebes ng gabi, Abril 29, 1965, para sa kumbensiyon ng Full Gospel Business Men's Fellowship International sa Biltmore Hotel sa Los Angeles, California, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2012 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)